County of San Diego

Ahensya ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao

Handbook ng Miyembro sa Kalusugan ng Pag-uugali

Mga Espesyal na Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip at Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal

3255 Camino del Rio S,
San Diego, CA 92108

24/7 na Linya para sa Access at Panahon ng Krisis: (888) 724- 7240

https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html

LIVE WELL SAN DIEGO

Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa: Abril 5, 2025[1]

[1] Dapat ialok ang handbook sa oras na unang ma-access ng miyembro ang mga serbisyo.

LANGUAGE TAGLINES

English Tagline
ATTENTION: If you need help in your language call (888) 724-7240 (TTY: 711). Aids and services for people with disabilities, like documents in braille and large print, are also available. Call (888) 724-7240 (TTY: 711). These services are free of charge.

الشعار بالعربية (Arabic)
يُرجى الانتباه: إذا احتجت إلى المساعدة بلغتك، فاتصل بـ (888) 724-7240 (TTY: 711). تتوفر أيضًا المساعدات والخدمات للأشخاص ذوي الإعاقة، مثل المستندات المكتوبة بطريقة بريل والخط الكبير. اتصل بـ (888) 724-7240 (TTY: 711). هذه الخدمات مجانية.

Հայերեն պիտակ (Armenian)
ՈՒՇԱԴՐՈՒԹՅՈՒՆ: Եթե Ձեզ օգնություն է հարկավոր Ձեր լեզվով, զանգահարեք (888) 724-7240 (TTY: 711): Կան նաև օժանդակ միջոցներ ու ծառայություններ հաշմանդամություն ունեցող անձանց համար, օրինակ՝ Բրայլի գրատիպով ու խոշորատառ տպագրված նյութեր: Զանգահարեք (888) 724-7240 (TTY: 711): Այդ ծառայություններն անվճար են:

ឃ្លាសម្គាល់ជាភាសាខ្មែរ (Cambodian)
ចំណាំ៖ បើអ្នក ត្រូវ ការជំនួយ ជាភាសា របស់អ្នក សូម ទូរស័ព្ទទៅលេខ (888) 724-7240 (TTY: 711)។ ជំនួយ និង សេវាកម្ម សម្រាប់ ជនពិការ ដូចជាឯកសារសរសេរជាអក្សរផុស សម្រាប់ជនពិការភ្នែក ឬឯកសារសរសេរជាអក្សរពុម្ពធំ ក៏អាចរកបានផងដែរ។ ទូរស័ព្ទមកលេខ (888) 724-7240 (TTY: 711)។ សេវាកម្មទាំងនេះមិនគិតថ្លៃឡើយ។

简体中文标语 (Chinese)
请注意：如果您需要以您的母语提供帮助，请致电 (888) 724-7240 (TTY: 711)。另外还提供针对残疾人士的帮助和服务，例如盲文和需要较大字体阅读，也是方便取用的。请致电 (888) 724-7240 (TTY: 711)。这些服务都是免费的。

مطلب به زبان فارسی (Farsi)
توجه: اگر می‌خواهید به زبان خود کمک دریافت کنید، با (888) 724-7240 (TTY: 711) تماس بگیرید. کمک‌ها و خدمات مخصوص افراد دارای معلولیت، مانند نسخه‌های خط بریل و چاپ با حروف بزرگ، نیز موجود است. با (888) 724-7240 (TTY: 711) تماس بگیرید. این خدمات رایگان ارائه می‌شوند.

हिंदी टैगलाइन (Hindi)
ध्यान दें: अगर आपको अपनी भाषा में सहायता की आवश्यकता है तो (888) 724-7240 (TTY: 711) पर कॉल करें। अशक्तता वाले लोगों के लिए सहायता और सेवाएं, जैसे ब्रेल और बड़े प्रिंट में भी दस्तावेज़ उपलब्ध हैं। (888) 724-7240 (TTY: 711) पर कॉल करें। ये सेवाएं नि: शुल्क हैं।

Nqe Lus Hmoob Cob (Hmong)
CEEB TOOM: Yog koj xav tau kev pab txhais koj hom lus hu rau (888) 724-7240 (TTY: 711). Muaj cov kev pab txhawb thiab kev pab cuam rau cov neeg xiam oob qhab, xws li puav leej muaj ua cov ntawv su thiab luam tawm ua tus ntawv loj. Hu rau (888) 724-7240 (TTY: 711). Cov kev pab cuam no yog pab dawb xwb.

日本語表記 (Japanese)
注意日本語での対応が必要な場合は (888) 724-7240 (TTY: 711)へお電話ください。点字の資料や文字の拡大表示など、障がいをお持ちの方のためのサービスも用意しています。 (888) 724-7240 (TTY: 711)へお電話ください。これらのサービスは無料で提供しています。

한국어 태그라인 (Korean)
유의사항: 귀하의 언어로 도움을 받고 싶으시면 (888) 724-7240 (TTY: 711) 번으로 문의하십시오. 점자나 큰 활자로 된 문서와 같이 장애가 있는 분들을 위한 도움과 서비스도 이용 가능합니다. (888) 724-7240 (TTY: 711) 번으로 문의하십시오. 이러한 서비스는 무료로 제공됩니다.

ແທກໄລພາສາລາວ (Laotian)
ປະກາດ: ຖ້າທ່ານຕ້ອງການຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອໃນພາສາຂອງທ່ານໃຫ້ໂທຫາເບີ (888) 724-7240 (TTY: 711). ຍັງມີຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອແລະການບໍລິການສໍາລັບຄົນພິການ ເຊັ່ນເອກະສານທີ່ເປັນອັກສອນນູນແລະມີໂຕພິມໃຫຍ່ ໃຫ້ໂທຫາເບີ (888) 724-7240 (TTY: 711). ການບໍລິການເຫຼົ່ານີ້ບໍ່ຕ້ອງເສຍຄ່າໃຊ້ຈ່າຍໃດໆ.

Mien Tagline (Mien)
LONGC HNYOUV JANGX LONGX OC: Beiv taux meih qiemx longc mienh tengx faan benx meih nyei waac nor douc waac daaih lorx taux (888) 724-7240 (TTY: 711). Liouh lorx jauv-louc tengx aengx caux nzie gong bun taux ninh mbuo wuaaic fangx mienh, beiv taux longc benx nzangc-pokc bun hluo mbiutc aengx caux aamz mborqv benx domh sou se mbenc nzoih bun longc. Douc waac daaih lorx (888) 724-7240 (TTY: 711). Naaiv deix nzie weih gong-bou jauv-louc se benx wang-henh tengx mv zuqc cuotv nyaanh oc.

ਪੰਜਾਬੀ ਟੈਗਲਾਈਨ (Punjabi)
ਧਿਆਨ ਦਿਓ: ਜੇ ਤੁਹਾਨੂੰ ਆਪਣੀ ਭਾਸ਼ਾ ਵਿੱਚ ਮਦਦ ਦੀ ਲੋੜ ਹੈ ਤਾਂ ਕਾਲ ਕਰੋ (888) 724-7240 (TTY: 711). ਅਪਾਹਜ ਲੋਕਾਂ ਲਈ ਸਹਾਇਤਾ ਅਤੇ ਸੇਵਾਵਾਂ, ਜਿਵੇਂ ਕਿ ਬ੍ਰੇਲ ਅਤੇ ਮੋਟੀ ਛਪਾਈ ਵਿੱਚ ਦਸਤਾਵੇਜ਼, ਵੀ ਉਪਲਬਧ ਹਨ| ਕਾਲ ਕਰੋ (888) 724-7240 (TTY: 711). ਇਹ ਸੇਵਾਵਾਂ ਮੁਫਤ ਹਨ|

Русский слоган (Russian)
ВНИМАНИЕ! Если вам нужна помощь на вашем родном языке, звоните по номеру (888) 724-7240 (линия TTY: 711). Также предоставляются средства и услуги для людей с ограниченными возможностями, например документы крупным шрифтом или шрифтом Брайля. Звоните по номеру (888) 724-7240 (линия TTY: 711). Такие услуги предоставляются бесплатно.

Mensaje en español (Spanish)
ATENCIÓN: Si necesita ayuda en su idioma, llame al (888) 724-7240 (TTY: 711). También ofrecemos asistencia y servicios para personas con discapacidades, como documentos en braille y con letras grandes. Llame al (888) 724-7240 (TTY: 711). Estos servicios son gratuitos.

Tagalog Tagline (Tagalog)
ATENSIYON: Kung kailangan mo ng tulong sa iyong wika, tumawag sa (888) 724-7240 (TTY: 711). Mayroon ding mga tulong at serbisyo para sa mga taong may kapansanan,tulad ng mga dokumento sa braille at malaking print. Tumawag sa (888) 724-7240 (TTY: 711). Libre ang mga serbisyong ito.

แท็กไลน์ภาษาไทย (Thai)
โปรดทราบ: หากคุณต้องการความช่วยเหลือเป็นภาษาของคุณ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข (888) 724-7240 (TTY: 711) **นอกจากนี้ ยังพร้อมให้ความช่วยเหลือและบริการต่าง ๆ สำหรับบุคคลที่มีความพิการ เช่น เอกสารต่าง ๆ ที่เป็นอักษรเบรลล์และเอกสารที่พิมพ์ด้วยตัวอักษรขนาดใหญ่ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข** (888) 724-7240 (TTY: 711) **ไม่มีค่าใช้จ่ายสำหรับบริการเหล่านี้**

Примітка українською (Ukrainian)
УВАГА! Якщо вам потрібна допомога вашою рідною мовою, телефонуйте на номер (888) 724-7240 (TTY: 711). Люди з обмеженими можливостями також можуть скористатися допоміжними засобами та послугами, наприклад, отримати документи, надруковані шрифтом Брайля та великим шрифтом. Телефонуйте на номер (888) 724-7240 (TTY: 711). Ці послуги безкоштовні.

Khẩu hiệu tiếng Việt (Vietnamese)
CHÚ Ý: Nếu quý vị cần trợ giúp bằng ngôn ngữ của mình, vui lòng gọi số (888) 724-7240 (TTY: 711). Chúng tôi cũng hỗ trợ và cung cấp các dịch vụ dành cho người khuyết tật, như tài liệu bằng chữ nổi Braille và chữ khổ lớn (chữ hoa). Vui lòng gọi số (888) 724-7240 (TTY: 711). Các dịch vụ này đều miễn phí.

TALAAN NG MGA NILALAMAN

IBA PANG WIKA AT FORMAT 6

IMPORMASYON SA CONTACT NG COUNTY 7

ANG LAYUNIN NG HANDBOOK NA ITO 8

IMPORMASYON SA MGA SERBISYO SA KALUSUGAN NG PAG-UUGALI 10

PAG-ACCESS SA MGA SERBISYO SA KALUSUGAN NG PAG-UUGALI 14

PAGPILI NG PROVIDER 24

ANG IYONG KARAPATAN NA MA-ACCESS ANG MGA REKORD SA KALUSUGAN NG PAG-UUGALI AT IMPORMASYON NG DIREKTORYO NG PROVIDER GAMIT ANG MGA SMART DEVICE 27

MGA SAKLAW NA SERBISYO 28

MGA AVAILABLE NA SERBISYO SA PAMAMAGITAN NG PAGTAWAG SA TELEPONO O TELEHEALTH 53

ANG PROSESO NG PAGLUTAS SA PROBLEMA: PARA MAGHAIN NG KARAINGAN, APELA, O HUMILING NG PATAS NA PAGDINIG SA ESTADO 54

PAUNANG DIREKTIBA 68

MGA KARAPATAN AT PANANAGUTAN 70

KARAGDAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA IYONG COUNTY 82

ABISO LABAN SA DISKRIMINASYON 83

Iba pang wika

Kung kailangan mo ng tulong sa iyong wika, tumawag sa (888) 724-7240 (TTY: 711). Available din ang mga tulong at serbisyo para sa mga taong may kapansanan, tulad ng mga dokumento sa braille at malalaking letra. Tumawag sa (888) 724-7240 (TTY: 711). Ang mga serbisyong ito ay walang bayad.

Iba pang format

Makukuha mo ang impormasyong ito sa iba pang format, gaya ng braille, 20-point na font na malalaking letra, audio, at naa-access na elektronikong format nang libre. Tumawag sa (888) 724-7240 (TTY: 711). Libre ang pagtawag.

Mga Serbisyo ng Interpreter

Nagbibigay ang county ng mga serbisyo ng oral interpretation mula sa isang kwalipikadong interpreter, na available nang 24 na oras, at nang walang bayad. Hindi mo kailangang gamitin ang miyembro ng pamilya o kaibigan bilang interpreter. Hindi namin hinihikayat ang paggamit ng mga menor de edad bilang mga interpreter maliban kung ito ay isang emergency. Makakakuha ng mga serbisyong may kaugnayan sa interpreter, wika at kultura nang walang bayad. Available ang tulong 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Para sa tulong sa wika o para makuha ang handbook na ito sa ibang wika, tumawag sa (888) 724- 7240 (TTY: 711). Libre ang pagtawag.

IMPORMASYON SA CONTACT NG COUNTY

Nandito kami para tumulong. Makakatulong sa iyo ang sumusunod na impormasyon sa contact ng county na makuha ang mga serbisyong kailangan mo.

24/7 na Linya para sa Access at Panahon ng Krisis ng San Diego
(888) 724- 7240 (TTY: 711)

Website ng Kalusugan sa Pag-uugali ng County ng San Diego
https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs.html

Direktoryo ng Provider ng County ng San Diego
https://sdcountybhs.com/ProviderDirectory

Noong Setyembre 1, 2024, lumipat ang San Diego Behavioral Health Plan (MHP at DMC-ODS) sa SmartCare EHR mula sa dalawang magkahiwalay na legacy system: SanWITs (DMC-ODS) at CCBH (MHP). Bilang resulta, ang pampublikong mapagkukunan ng edukasyon ng miyembro ng San Diego BHP para sa Patient Access API ay paparating sa loob ng FY2024-2025.

Sino ang Kokontakin Ko Kung Naiisip Kong Magpakamatay?
Kung ikaw o isang taong kilala mo ay nasa krisis, mangyaring tawagan ang 988 Suicide at Crisis Lifeline sa **988** o ang National Suicide Prevention Lifeline sa **1-800-273-TALK (8255)**. Available ang chat sa https://988lifeline.org/.
Para ma-access ang iyong mga lokal na programa, mangyaring tawagan ang 24/7 na Linya para sa Access at Panahon ng Krisis ng San Diego na nakalista sa itaas.

ANG LAYUNIN NG HANDBOOK NA ITO

Bakit mahalagang basahin ang handbook na ito?

Ang iyong county ay may plano sa kalusugan ng pag-iisip na nag-aalok ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip na tinatawag bilang “mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip.” Bukod pa rito, ang iyong county ay may Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal na nagbibigay ng mga serbisyo para sa pag-inom ng alak o ipinagbabawal na gamot, na tinatawag bilang “mga serbisyo para sa sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substance.” Magkasama, tinatawag ang mga serbisyong ito bilang “mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali,” at mahalaga na mayroon kang impormasyon tungkol sa mga serbisyong ito upang makuha mo ang pangangalaga na kailangan mo. Ipinapaliwanag ng handbook na ito ang iyong mga benepisyo at kung paano makakakuha ng pangangalaga. Sasagutin din nito ang marami sa iyong mga katanungan.

Matututunan mo ang sumusunod:

- Paano makatanggap ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali sa pamamagitan ng iyong county.
- Anong mga benepisyo ang maaari mong ma-access.
- Ano ang gagawin kung mayroon kang tanong o problema.
- Ang iyong mga karapatan at pananagutan bilang isang miyembro ng iyong county.
- Kung mayroong karagdagang impormasyon tungkol sa iyong county, kung saan maaaring ilagay sa dulo ng handbook na ito.

Kung hindi mo babasahin ngayon ang handbook na ito, dapat mong itabi ang handbook na ito para basahin sa ibang pagkakataon. Nilalayong gamitin ang aklat na ito kasama ng aklat na nakuha mo noong nag-sign up ka para sa iyong mga benepisyo sa Medi-Cal. Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa iyong mga benepisyo sa Medi-Cal, tawagan ang county gamit ang numero ng telepono sa harap ng aklat na ito.

Saan Ako Pupunta para sa Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Medi-Cal?

Bisitahin ang website ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan sa https://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/eligibility/Pages/Beneficiaries.aspx para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Medi-Cal.

IMPORMASYON SA MGA SERBISYO SA KALUSUGAN NG PAG-UUGALI

Paano Masasabi kung Ikaw o Isang Kakilala Mo ay Nangangailangan ng Tulong?

Maraming tao ang dumaranas ng mahihirap na sitwasyon sa buhay at maaaring makaranas ng mga kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip o paggamit ng substance. Ang pinakamahalagang bagay na dapat tandaan ay available ang tulong. Kung kwalipikado ka o ang miyembro ng iyong pamilya para sa Medi-Cal at nangangailangan ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali, dapat mong tawagan ang 24/7 na Linya para sa Access at Panahon ng Krisis ng San Diego na nakalista sa pabalat ng handbook na ito. Ang iyong plano sa pinamamahalaang pangangalaga ay maaari ring makatulong sa iyo na makipag-ugnayan sa iyong county kung naniniwala silang kailangan mo o ng isang miyembro ng pamilya ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali na hindi saklaw ng plano sa pinamamahalaang pangangalaga. Tutulungan ka ng iyong county na makahanap ng provider para sa mga serbisyong maaaring kakailanganin mo.

Makakatulong sa iyo ang listahan sa ibaba na magpasya kung kailangan mo o ng isang miyembro ng pamilya ng tulong. Kung may higit sa isang senyales o nangyari sa mahabang panahon, maaaring senyales ito ng isang mas malubhang problema na nangangailangan ng propesyonal na tulong. Narito ang ilang karaniwang senyales na maaaring kailangan mo ng tulong sa isang kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip o kondisyon sa paggamit ng substance:

Mga Saloobin at Damdamin

- Matinding pagbabago sa mood, posibleng walang dahilan, tulad ng:
    - Sobrang pag-aalala, pagkabalisa, o takot
    - Matinding pagkalungkot o panghihina
    - Masyadong maganda ang pakiramdam, labis na kasiyahan
    - Moody o galit nang napakatagal
- Nag-iisip na magpakamatay
- Nag-iisip lamang sa pagkuha at paggamit ng alak o mga ipinagbabawal na gamot

- Mga problema sa pag-focus, memorya o lohikal na pag-iisip at pananalita na mahirap ipaliwanag
- Mga problema sa naririnig, nakikita, o nararamdaman tungkol sa mga bagay na mahirap ipaliwanag o sinasabi ng karamihan sa mga tao na wala naman.

Pisikal

- Maraming pisikal na problema, posibleng walang malinaw na dahilan, tulad ng:
    - Mga pananakit ng ulo
    - Mga pananakit ng tiyan
    - Labis o kulang sa tulog
    - Pagkain nang sobra o hindi sapat
    - Hindi makapagsalita nang malinaw
- Pagbawas sa hitsura o matinding pag-aalala sa hitsura, gaya ng:
    - Biglang pagbaba o pagtaas ng timbang
    - Mapupulang mata at hindi pangkaraniwang malalaking balintataw
    - Kakaibang amoy sa hininga, katawan, o damit

Pag-uugali

- Ang pagkakaron ng mga kahihinatnan mula sa iyong pag-uugali dahil sa mga pagbabago sa iyong kalusugan sa pag-iisip o pag-inom ng alak o paggamit ng ipinagbabawal na gamot, tulad ng:
    - Pagkakaroon ng mga isyu sa trabaho o paaralan
    - Mga problema sa relasyon sa ibang tao, pamilya, o kaibigan
    - Paglimot sa iyong mga pangako
    - Hindi magawa ang karaniwang pang-araw-araw na gawain
- Pag-iwas sa mga kaibigan, pamilya, at aktibidad sa lipunan
- Pagkakaroon ng palihim na pag-uugali o lihim na pangangailangan ng pera
- Pagiging kasangkot sa legal na sistema dahil sa mga pagbabago sa iyong kalusugang pag-iisip o pag-inom ng alak o paggamit ng ipinagbabawal na gamot

Mga Miyembrong Wala Pang 21 Taong Gulang

Paano Ko Malalaman Kung Kailangan ng Isang Bata o Teenager ng Tulong?

Maaari kang makipag-ugnayan sa iyong county o plano sa pinamamahalaang pangangalaga para sa isang screening at assessment para sa iyong anak o teenager kung sa tingin mo ay nagpapakita sila ng mga senyales ng isang kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali. Kung kawalipikado ang iyong anak o teenager para sa Medi-Cal at nagpapakita ang screening o assessment na ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali ay kailangan, kung gayon, sisikapin ng county na matanggap ng iyong anak o teenager ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali. Maaari ring makatulong sa iyo ang iyong plano sa pinamamahalaang pangangalaga na makipag-ugnayan sa iyong county kung naniniwala silang ang iyong anak o teenager ay nangangailangan ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali na hindi saklaw ng plano sa pinamamahalaang pangangalaga. Mayroon ding mga serbisyong magagamit para sa mga magulang na nakakaramdam ng pagkabalisa sa pagiging isang magulang.

Ang mga menor de edad na 12 taong gulang pataas, ay maaaring hindi nangangailangan ng pahintulot ng magulang upang makatanggap ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip para sa outpatient o mga serbisyo ng residensyal na tirahan kung naniniwala ang dumadalong propesyonal na nasa hustong gulang na ang menor de edad para lumahok sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali o serbisyo ng residensyal na tirahan. Ang mga menor de edad na 12 taong gulang pataas, ay maaaring hindi nangangailangan ng pahintulot ng magulang upang makatanggap ng pangangalagang medikal at pagpapayo para gamutin ang isang problemang nauugnay sa sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substance. Kinakailangan ang pakikilahok ng magulang o tagapag-alaga maliban kung nagpasiya ang dumadalong propesyonal na ang kanilang pakikilahok ay magiging hindi naaangkop pagkatapos kumonsulta sa menor de edad.

Makakatulong sa iyo ang listahan sa ibaba na magpasya kung kailangan ng iyong anak o teenager ng tulong. Kung may higit sa isang senyales o nagpapatuloy sa mahabang panahon, maaaring may mas malubhang problema ang iyong anak o teenager na

nangangailangan ng propesyonal na tulong. Narito ang ilang senyales na dapat obserbahan:

- Maraming problema sa pagbibigay-pansin o pananatiling tahimik, inilalagay sila sa pisikal na panganib o nagdudulot ng mga problema sa paaralan
- Matinding pag-aalala o takot na humahadlang sa pang-araw-araw na gawain
- Biglaang matinding takot nang walang dahilan, kung minsan ay may mabilis na pagtibok ng puso o mabilis na paghinga
- Nakakaramdam ng labis na kalungkutan o umiiwas sa iba sa loob ng dalawa o higit pang linggo, na nagdudulot ng mga problema sa pang-araw-araw na gawain
- Matinding mood swings na nagdudulot ng mga problema sa mga relasyon
- Malalaking pagbabago sa pag-uugali
- Hindi pagkain, pagsusuka, o paggamit ng mga gamot para maging sanhi ng pagbawas ng timbang
- Paulit-ulit na pagkonsumo ng alak o ipinagbabawal na gamot
- Malubha, hindi makontrol na pag-uugali na maaaring makasakit sa sarili o sa iba
- Mga seryosong plano o sinusubukang saktan o patayin ang sarili
- Paulit-ulit na pag-aaway, o paggamit ng sandata, o seryosong plano para saktan ang iba

PAG-ACCESS SA MGA SERBISYO SA KALUSUGAN NG PAG-UUGALI

Paano Ako Makakakuha ng Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali?

Kung sa tingin mo ay kailangan mo ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali tulad ng mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip at/o mga serbisyo sa sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substance, maaari mong tawagan ang iyong county gamit ang numero ng telepono na nakalista sa pabalat ng handbook na ito. Sa sandaling makipag-ugnayan ka sa county, makakatanggap ka ng screening at maiiskedyul para sa isang appointment para sa assessment.

Maaari ka ring humiling ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali mula sa iyong plano sa pinamamahalaang pangangalaga kung isa kang miyembro. Kung matukoy ng plano sa pinamamahalaang pangangalaga na natutugunan mo ang pamantayan sa pag-access para sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali, tutulungan ka ng plano sa pinamamahalaang pangangalaga na makakuha ng pagtatasa para makatanggap ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali sa pamamagitan ng iyong county. Sa huli, walang wrong door para makakuha ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali. Maaari ka ring makatanggap ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali sa pamamagitan ng iyong plano sa pinamamahalaang pangangalaga bilang karagdagan sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali sa pamamagitan ng iyong county. Maaari mong i-access ang mga serbisyong ito sa pamamagitan ng iyong provider sa kalusugan ng pag-uugali kung matukoy ng iyong provider na klinikal na naaangkop ang mga serbisyo para sa iyo at hangga't ang mga serbisyong iyon ay nakoordina at hindi nadoble.

Bilang karagdagan, tandaan ang sumusunod:

- Maaari kang i-refer sa iyong county para sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali ng ibang tao o organisasyon, kabilang ang iyong general practitioner/doktor, paaralan, isang miyembro ng pamilya, tagapag-alaga, iyong pinamamahalaang plano sa pangangalaga, o iba pang ahensya ng county. Kadalasan, kakailanganin ng iyong doktor o ng plano sa pinamamahalaang

pangangalaga ang iyong pahintulot o ang pahintulot ng magulang o tagapangalaga ng isang bata, upang direktang gawin ang referral sa county, maliban kung may emergency.

- Maaaring hindi tanggihan ng iyong county ang isang kahilingan na gumawa ng paunang assessment para matukoy kung natutugunan mo ang pamantayan para sa pagtanggap ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali.
- Ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali ay maaaring ibigay ng county o ng iba pang provider na kinokontrata ng county (tulad ng mga klinika, center ng paggamot, organisasyong nakabatay sa komunidad, o indibidwal na provider).

Saan Ako Makakakuha ng Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali?

Maaari kang makakuha ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali sa county kung saan ka nakatira, at sa labas ng iyong county kung kinakailangan. Ang bawat county ay may mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali para sa mga bata, kabataan, nasa hustong gulang, at matatandang nasa hustong gulang. Kung ikaw ay wala pang 21 taong gulang, kwalipikado ka para sa karagdagang pagsaklaw at mga benepisyo sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnosis, at Paggamot. Tingnan ang seksyon ng "Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnostic, at Paggamot" ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon.

Tutulungan ka ng iyong county na makahanap ng isang provider na makakapagbigay sa iyo ng pangangalagang kailangan mo. Dapat kang i-refer ng county sa pinakamalapit na provider sa iyong tahanan, o sa loob ng mga pamantayan sa oras o distansya na tutugon sa iyong mga pangangailangan.

Kailan Ako Makakakuha ng Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali?

Kailangang matugunan ng iyong county ang mga pamantayan sa oras ng appointment kapag nag-iiskedyul ng serbisyo para sa iyo. Ang plano sa kalusugan ng isip ay dapat mag-alok sa iyo ng appointment: Para sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip, dapat mag-alok sa iyo ng appointment ang county:

- Sa loob ng 10 araw ng negosyo ng iyong hindi agarang kahilingan para

simulan ang mga serbisyo sa plano sa kalusugan ng pag-iisip;

- Sa loob ng 48 oras kung humiling ka ng mga serbisyo para sa isang agarang kondisyon;
- Sa loob ng 15 araw ng negosyo ng iyong hindi agarang kahilingan para sa isang appointment sa isang psychiatrist; at,
- Sa loob ng 10 araw ng negosyo mula sa naunang appointment para sa mga hindi kinakailangang follow up na appointment para sa mga kasalukuyang kondisyon.

Para sa mga serbisyo ng sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substance, dapat mag-alok sa iyo ng appointment ang county:

- Sa loob ng 10 araw ng negosyo ng iyong hindi agarang kahilingan na magsimula ng mga serbisyo sa isang provider ng sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substance para sa outpatient at intensibong serbisyo sa outpatient;
- Sa loob ng 3 araw ng negosyo ng iyong kahilingan para sa mga serbisyo ng Programa sa Paggamot Kaugnay ng Narcotics;
- Isang follow-up na hindi agarang appointment sa loob ng 10 araw kung sumasailalim ka sa isang kurso ng paggamot para sa isang patuloy na sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substance, maliban sa ilang partikular na kaso na tinukoy ng iyong gumagamot na provider.

Gayunpaman, ang mga oras na ito ay maaaring mas mahaba kung matutukoy ng iyong provider na ang mas mahabang oras ng paghihintay ay medikal na naaangkop at hindi makakapinsala sa iyong kalusugan. Kung sinabihan kang inilagay ka sa isang waitlist at sa tingin mo na ang tagal ay makakasama sa iyong kalusugan, makipag-ugnayan sa iyong county sa numero ng telepono na nakalista sa pabalat ng handbook na ito. May karapatan kang magsampa ng karaingan kung hindi ka nakatanggap ng napapanahong pangangalaga. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa paghahain ng karaingan, tingnan ang seksyon ng “Ang Proseso ng Karaingan” ng handbook na ito.

Ano ang Mga Serbisyong Pang-emergency?

Ang mga serbisyong pang-emergency ay mga serbisyo para sa mga miyembrong nakakaranas ng hindi inaasahang medikal na kondisyon, kabilang ang isang psychiatric na pang-emergency na kondisyong medikal. Ang isang pang-emergency na kondisyong medikal ay may mga sintomas na napakalubha (maaaring kabilang ang matinding pananakit) na maaaring makatwirang asahan ng isang karaniwang tao na maaaring mangyari ang sumusunod sa anumang sandali:

- Ang kalusugan ng indibidwal (o ang kalusugan ng isang hindi pa isinisilang na bata) ay maaaring malaking problema
- Magdudulot ng malubhang pinsala sa iyong katawan
- Magdudulot ng malubhang pinsala sa anumang organ o bahagi ng katawan

Ang isang pang-emergency na psychiatric na kondisyong medikal ay nangyayari kapag ang isang karaniwang tao ay nag-iisip na ang isang tao ay:

- Isang kasalukuyang panganib sa kanyang sarili o sa ibang tao dahil sa isang kondisyon sa kalusugan ng isip o pinaghihinalaang kondisyon sa kalusugan ng isip.
- Kaagad na hindi makapaghanda ng pagkain o makakain, o magdamit o makapanirahan dahil sa kondisyon ng kalusugan ng isip o pinaghihinalaang kondisyon ng kalusugan ng isip.

Sinasaklaw ang mga serbisyong pang-emergency 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo para sa mga miyembro ng Medi-Cal. Hindi kinakailangan ang paunang awtorisasyon para sa mga serbisyong pang-emergency. Saklaw ng programang Medi-Cal ang mga kondisyong pang-emergency, kung ang kondisyon ay dahil sa isang pisikal na kalusugan o kondisyon ng kalusugan ng pag-iisip (mga saloobin, damdamin, pag-uugali na pinagmumulan ng pagkabalisa at/o dysfunction na may kaugnayan sa sarili o sa iba). Kung naka-enroll ka sa Medi-Cal, hindi ka makakatanggap ng bill na babayaran para sa pagpunta sa emergency room, kahit na ito ay lumabas na hindi isang emergency. Kung sa tingin mo ay may emergency ka, tumawag sa **911** o pumunta sa anumang ospital o iba pang setting para sa tulong.

Sino ang Magpapasya Kung Aling Mga Serbisyo ang Matatanggap Ko?
Ikaw, ang iyong provider, at ang county ay kasali lahat sa pagpapasya kung anong mga serbisyo ang kailangan mong matanggap. Makikipag-usap sa iyo ang isang propesyonal sa kalusugan ng pag-uugali at tutulong na matukoy kung anong uri ng mga serbisyo ang kailangan.

Hindi mo kailangang malaman kung mayroon kang diagnosis sa kalusugan ng pag-uugali o isang partikular na kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali para makahingi ng tulong. Makakatanggap ka ng ilang serbisyo habang kinukumpleto ng iyong provider ang isang assessment.

Kung ikaw ay wala pang 21 taong gulang, maaari mo ring ma-access ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali kung mayroon kang kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali dahil sa trauma, pagkakasangkot sa sistema ng kapakanan ng bata, pagkakasangkot sa hustisya para sa mga kabataan, o kawalan ng tirahan. Bukod pa rito, kung ikaw ay wala pang 21 taong gulang, dapat magbigay ang county ng mga serbisyong medikal na kinakailangan para makatulong sa iyong kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali. Ang mga serbisyong nagpapanatili, sumusuporta, nagpapabuti, o mas nagpapa-tolerate sa kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali ay itinuturing na medikal na kinakailangan.

Maaaring mangailangan ang ilang serbisyo ng paunang awtorisasyon mula sa county. Kasama sa mga serbisyong nangangailangan ng paunang awtorisasyon ang Mga Intensibong Serbisyo na Nakabase sa Bahay, Intensibong Paggamot sa Araw, Rehabilitasyon sa Araw, Mga Serbisyo ng Therapy Kaugnay ng Pag-uugali, Therapeutic Foster Care at Mga Residensyal na Serbisyo para sa Sakit sa Paggamit ng Ipinagbabawal na Substance. Maaari mong tanungin ang county para sa karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng paunang awtorisasyon nito. Tawagan ang iyong county gamit ang numero ng telepono sa pabalat ng handbook na ito para humiling ng karagdagang impormasyon.

Ang proseso ng awtorisasyon ng county ay dapat sumunod sa mga partikular na timeline.

- Para sa isang karaniwang awtorisasyon sa sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substance, dapat magpasya ang county sa kahilingan ng iyong provider sa loob ng 14 na araw ng kalendaryo.
    - Kung hihilingin mo o ng iyong provider, o kung sa tingin ng county na makakabuti sa iyong makakuha ng karagdagang impormasyon mula sa iyong provider, maaaring pahabain ang timeline ng hanggang sa karagdagang 14 na araw ng kalendaryo. Isang halimbawa ng kung kailan maaaring sa ikabubuti mo ang isang pagpapalawig ay kapag sa palagay ng county ay maaari nitong aprubahan ang kahilingan ng iyong provider para sa awtorisasyon kung may karagdagang impormasyon ang county mula sa iyong provider at kailangang tanggihan ang kahilingan nang walang impormasyon. Kung palalawigin ng county ang timeline, padadalhan ka ng county ng nakasulat na abiso tungkol dito.
- Para sa isang karaniwang paunang awtorisasyon sa kalusugan ng pag-iisip, dapat magpasya ang county batay sa kahilingan ng iyong provider sa lalong madaling panahon na kinakailangan ng iyong kondisyon, ngunit hindi lalampas sa limang (5) araw ng negosyo mula nang matanggap ng county ang kahilingan.
    - Halimbawa, kung ang pagsunod sa karaniwang timeframe ay maaaring seryosong magdulot ng panganib sa iyong buhay, kalusugan, o kakayahang makamit, mapanatili, o mabawi ang maximum na pagkilos, dapat madaliin ng iyong county ang desisyon sa awtorisasyon at magbigay ng abiso batay sa isang timeframe na nauugnay sa kalagayan ng iyong kalusugan na hindi lalampas sa 72 oras pagkatapos matanggap ang kahilingan sa serbisyo. Maaaring pahabain ng iyong county ang panahon ng hanggang 14 na karagdagang araw ng kalendaryo pagkatapos matanggap ng county ang kahilingan kung humiling ka o ang iyong provider ng extension, o nagbibigay ang county ng katwiran kung bakit ang extension ay para sa iyong kapakanan.

Sa parehong mga kaso, kung palalawigin ng county ang timeline para sa kahilingan ng awtorisasyon ng provider, padadalhan ka ng county ng nakasulat na abiso tungkol sa extension. Kung hindi nakapagdesisyon ang county sa loob ng nakalistang mga timeline o tinatanggihan, inaantala, binabawasan, o winawakasan ang mga serbisyong hiniling, dapat padalhan ka ng county ng Abiso sa Salungat na Desisyon ng Benepisyo na nagsasabi sa iyo na ang mga serbisyo ay tinanggihan, inantala, binawasan o winakasan, ipaalam sa iyo na maaari kang maghain ng apela, at bigyan ka ng impormasyon kung paano maghain ng apela.

Maaari kang humingi sa county ng karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng pagbibigay awtorisasyon nito.

Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng county sa isang proseso ng awtorisasyon, maaari kang maghain ng apela. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang seksyon ng "Paglutas ng Problema” ng handbook na ito.

Ano ang Medikal na Pangangailangan?

Ang mga serbisyong natatanggap mo ay dapat medikal na kinakailangan at klinikal na naaangkop upang matugunan ang iyong kondisyon. Para sa mga indibidwal na 21 taong gulang pataas, medikal na kinakailangan ang isang serbisyo kapag ito ay makatwiran at kinakailangan upang protektahan ang iyong buhay, maiwasan ang malubhang sakit o kapansanan, o upang maibsan ang matinding pananakit.

Para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang, itinuturing na medikal na kinakailangan ang isang serbisyo kung ito ay magtutuwid, magpapanatili, susuporta, magpapabuti, o mas magpapa-tolerate sa isang kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali. Ang mga serbisyong nagpapanatili, sumusuporta, nagpapabuti, o mas nagpapa-tolerate sa kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali ay itinuturing na medikal na kinakailangan at nasasaklaw bilang mga serbisyo ng Maaga at Pana -panahong Screening, Diagnostic, at Paggamot.

Paano Ako Makakakuha ng Iba Pang Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip na Hindi Saklaw ng County?

Kung naka-enroll ka sa isang plano sa pinamamahalaang pangangalaga, mayroon kang access sa mga sumusunod na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip para sa outpatient sa pamamagitan ng iyong plano sa pinamamahalaang pangangalaga:

- Pagsusuri at paggamot sa kalusugan ng pag-iisip, kabilang ang therapy ng indibidwal, grupo at pamilya.
- Pagsusuring sikolohikal at neuropsychological, kapag ipinakita sa klinikal na paraan para suriin ang isang kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip.
- Mga serbisyo ng outpatient para sa layunin ng pagsubaybay sa mga inireresetang gamot.
- Pagkonsulta sa Psychiatrist.

Para makakuha ng isa sa mga serbisyo sa itaas, direktang tawagan ang iyong plano sa pinamamahalaang pangangalaga. Kung wala ka sa isang plano sa pinamamahalaang pangangalaga, maaari mong makuha ang mga serbisyong ito mula sa mga indibidwal na provider at klinika na tumatanggap ng Medi-Cal. Maaaring makatulong sa iyo ang county na makahanap ng provider o klinika.

Ang anumang parmasya na tumatanggap ng Medi-Cal ay maaaring punan ang mga reseta para gamutin ang isang kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip. Pakitandaan na ang karamihan sa mga inireresetang gamot na ibinibigay ng isang parmasya, na tinatawag na Medi-Cal Rx, ay saklaw sa ilalim ng Fee-For-Service Medi-Cal na programa, hindi ng iyong pinamamahalaang plano sa pangangalaga.

Anong Iba Pang Serbisyo sa Sakit sa Paggamit ng Ipinagbabawal na Substance ang Available mula sa Plano sa Pinamamahalaang Pangangalaga o sa “Fee for Service” na Programa ng Medi-Cal?

Ang mga plano sa pinamamahalaang pangangalaga ay dapat magkaloob ng mga saklaw na serbisyo sa sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substance sa mga setting ng pangunahing pangangalaga at screening para sa tabako, alak, at ilegal na gamot.

Dapat din nilang saklawin ang mga serbisyo sa sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substance para sa mga buntis na miyembro at screening sa pag-inom ng alak at paggamit ng ipinagbabawal na gamot, assessment, maiikling interbensyon, at pag-refer sa naaangkop na setting ng paggamot para sa mga miyembrong may edad 11 pataas. Ang mga plano sa pinamamahalaang pangangalaga ay dapat magkaloob o magsaayos ng mga serbisyo para sa Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksyon (kilala rin bilang Paggamot na Suportado ng Gamot) na ibinibigay sa pasilidad ng pangunahing pangangalaga, ospital ng inpatient, mga departamentong pang-emergency, at iba pang kinontratang medikal na pasilidad. Ang mga plano sa pinamamahalaang pangangalaga ay dapat ding magbigay ng mga serbisyong pang-emergency na kinakailangan para i-stabilize ang miyembro, kabilang ang boluntaryong pag-detox ng inpatient.

Paano Ako Makakakuha ng Iba Pang Serbisyo ng Medi-Cal (Pangunahing Pangangalaga/Medi-Cal)?

Kung ikaw ay nasa isang plano sa pinamamahalaang pangangalaga, may pananagutan ang county na humanap ng provider para sa iyo. Kung hindi ka naka-enroll sa isang plano sa pinamamahalaang pangangalaga at may "regular" na Medi-Cal, na tinatawag ding Fee-For-Service Medi-Cal, maaari kang pumunta sa alinmang provider na tumatanggap ng Medi-Cal. Dapat mong sabihin sa iyong provider na mayroon kang Medi-Cal bago ka magsimulang kumuha ng mga serbisyo. Kung hindi, maaari kang singilin para sa mga serbisyong iyon. Maaari kang gumamit ng provider sa labas ng iyong plano sa pinamamahalaang pangangalaga para sa mga serbisyo sa pagpaplano ng pamilya.

Bakit Maaaring Kakailangan Ko ang Mga Serbisyong Psychiatric sa Inpatient ng Ospital?

Maaari kang ma-admit sa isang ospital kung mayroon kang kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip o mga senyales ng kondisyon ng kalusugan ng pag-iisip na hindi ligtas na magamot sa mas mababang antas ng pangangalaga, at dahil sa kondisyon ng kalusugan ng pag-iisip o mga sintomas ng kondisyon ng kalusugan ng pag-iisip, ikaw ay:

- Isang panganib sa iyong sarili o sa iba, o propyedad.
- Hindi kayang pangalagaan ang iyong sarili pagdating sa pagkain, damit, o tirahan.
- Nagpapakita ng matinding panganib sa iyong pisikal na kalusugan.
- May kamakailan, makabuluhang epekto sa kakayahang kumilos bilang resulta ng isang kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip.
- Nangangailangan ng psychiatric evaluation, paggamot gamit ang gamot, o iba pang paggamot na maaari lang ibigay sa ospital.

PAGPILI NG PROVIDER

Paano Ako Makakahanap ng Provider Para sa Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali na Kailangan Ko?s

Kinakailangan ng iyong county na mag-post ng kasalukuyang direktoryo ng provider online. Maaari mong mahanap ang link ng direktoryo ng provider sa seksyon ng Contact ng County ng handbook na ito. Naglalaman ang direktoryo ng impormasyon tungkol sa kung saan matatagpuan ang mga provider, ang mga serbisyong ibinibigay nila, at iba pang impormasyon upang matulungan kang ma-access ang pangangalaga, kabilang ang impormasyon tungkol sa mga serbisyong pangkultura at wika na makukuha mula sa mga provider.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga provider o gusto ng na-update na direktoryo ng provider, bisitahin ang website ng iyong county o gamitin ang numero ng telepono na matatagpuan sa pabalat ng handbook na ito. Maaari kang makakuha ng listahan ng mga provider sa pamamagitan ng sulat o sa pamamagitan ng koreo kung hihilingin mo ito.

Tandaan: Maaaring maglagay ng ilang limitasyon ang county sa iyong pagpili ng mga provider. Kapag una kang nagsimulang makatanggap ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali, maaari kang humiling na bigyan ka ng iyong county ng isang paunang pagpipilian ng hindi bababa sa dalawang provider. Dapat ding pahintulutan ka ng iyong county na magpalit ng mga provider. Kung hihilingin mong palitan ang mga provider ng serbisyo, dapat kang pahintulutan ng county na pumili sa dalawang provider hangga't maaari. May pananagutan ang iyong county sa pagtiyak na mayroon kang napapanahong access sa pangangalaga at may sapat na mga provider na malapit sa iyo para matiyak na makakakuha ka ng mga nasasaklaw na serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali kung kailangan mo ang mga ito.

Minsan pinipili ng mga nakakontratang provider ng county na hindi na magbigay ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali dahil maaaring hindi na sila makipagkontrata sa

county, o hindi na tumatanggap ng Medi-Cal. Kapag nangyari ito, ang county ay dapat gumawa ng tapat na pagsisikap ang county na magbigay ng nakasulat na abiso sa bawat tao na tumatanggap ng mga serbisyo mula sa provider. Kinakailangan mong makakuha ng abiso sa loob ng 30 araw ng kalendaryo bago ang petsa ng pagkakaroon ng bisa ng pagwawakas o 15 araw ng kalendaryo pagkatapos malaman ng county na hihinto sa pagtatrabaho ang provider. Kapag nangyari ito, dapat pahintulutan ka ng iyong county na magpatuloy sa pagtanggap ng mga serbisyo mula sa provider na umalis sa county, kung pareho kayong sumasang-ayon ng provider. Ito ay tinatawag na "pagpapatuloy ng pangangalaga" at ipinapaliwanag sa ibaba.

Tandaan: Ang mga indibidwal na American Indian at Alaska Native na kwalipikado para sa Medi-Cal at naninirahan sa mga county na nag-opt in sa Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal, ay maaari ring tumanggap ng mga serbisyo ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal sa pamamagitan ng Indian Health Care Provider na mayroong kinakailangang sertipikasyon ng Drug Medi-Cal.

Maaari ba Akong Patuloy na Makatanggap ng Mga Espesyal na Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip Mula sa Aking Kasalukuyang Provider?

Kung nakakatanggap ka na ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip mula sa isang plano sa pinamamahalaang pangangalaga, maaari kang patuloy na makatanggap ng pangangalaga mula sa provider na iyon kahit na nakatanggap ka ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip mula sa iyong provider ng plano sa kalusugan ng pag-iisip, hangga't ang mga serbisyo ay nakoordina sa pagitan ng mga provider at hindi magkapareho ang mga serbisyo.

Bukod pa riyan, kung nakakatanggap ka na ng mga serbisyo mula sa isa pang plano sa kalusugan ng pag-iisip, plano sa pinamamahalaang pangangalaga, o isang indibidwal na provider ng Medi-Cal, maaari kang humiling ng “pagpapatuloy ng pangangalaga” para manatili ka sa iyong kasalukuyang provider nang hanggang 12 buwan. Maaari mong hilingin na ipagpatuloy ang pangangalaga kung kailangan mong manatili sa iyong kasalukuyang provider para ipagpatuloy ang iyong patuloy na paggamot o dahil

maaaring magdulot ito ng malubhang pinsala sa iyong kalagayan sa kalusugan ng pag-iisip na lumipat sa isang bagong provider. Ang iyong kahilingan sa pagpapatuloy ng pangangalaga ay maaaring pagbigyan kung totoo ang sumusunod:

- Mayroon kang patuloy na ugnayan sa provider na iyong hinihiling at nagpatingin ka sa provider na iyon sa nakalipas na 12 buwan;
- Kailangan mong manatili sa iyong kasalukuyang provider para ipagpatuloy ang patuloy na paggamot upang maiwasan ang malubhang pinsala sa kalusugan ng miyembro o mabawasan ang panganib ng pagkakaospital o pagpasok sa institusyon;
- Ang provider ay kwalipikado at nakakatugon sa mga kinakailangan ng Medi-Cal;
- Sumasang-ayon ang provider sa mga kinakailangan ng plano sa kalusugan ng pag-iisip para sa pagkontrata sa plano sa kalusugan ng pag-iisip at pagbabayad para sa mga serbisyo; at
- Ibinbahagi ng provider ang may-katuturang dokumentasyon sa county tungkol sa iyong pangangailangan para sa mga serbisyo.

Maaari ba Akong Magpatuloy na Tumanggap ng Mga Serbisyo sa Sakit sa Paggamit ng Ipinagbabawal na Substance Mula sa Aking Kasalukuyang Provider?

Maaari mong hilingin na panatilihin ang iyong provider sa labas ng network sa loob ng isang yugto ng panahon kung:

- Patuloy ang iyong ugnayan sa provider na iyong hinihiling at nakita mo ang provider na iyon bago ang petsa ng iyong paglipat sa county ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal.
- Kailangan mong manatili sa iyong kasalukuyang provider para ipagpatuloy ang patuloy na paggamot upang maiwasan ang malubhang pinsala sa kalusugan ng miyembro o mabawasan ang panganib ng pagkakaospital o pagpasok sa institusyon.

ANG IYONG KARAPATAN NA MA-ACCESS ANG MGA REKORD SA KALUSUGAN NG PAG-UUGALI AT IMPORMASYON NG DIREKTORYO NG PROVIDER GAMIT ANG MGA SMART DEVICE

Maa-access mo ang iyong mga rekord sa kalusugan ng pag-uugali at/o maghanap ng provider gamit ang isang application na na-download sa isang computer, smart tablet, o mobile device. Makikita ang impormasyong dapat pag-isipan bago pumili ng aplikasyon para makakuha ng impormasyon sa ganitong paraan sa website ng iyong county na nakalista sa seksyon ng Contact ng County ng handbook na ito.

Noong Setyembre 1, 2024, lumipat ang San Diego Behavioral Health Plan (MHP at DMC-ODS) sa SmartCare EHR mula sa dalawang magkahiwalay na legacy system: SanWITs (DMC-ODS) at CCBH (MHP). Bilang resulta, ang pampublikong mapagkukunan ng edukasyon ng miyembro ng San Diego BHP para sa Patient Access API ay paparating sa loob ng FY2024-2025.

MGA SAKLAW NA SERBISYO

Kung natutugunan mo ang pamantayan para sa pag-access sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali, available sa iyo ang mga sumusunod na serbisyo batay sa iyong pangangailangan. Makikipagtulungan sa iyo ang iyong provider para magpasya kung aling mga serbisyo ang pinakamainam para sa iyo.

Mga Espesyal na Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip

Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip

- Ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip ay isang indibidwal, grupo, o nakabatay sa pamilya na mga serbisyo sa paggamot na tumutulong sa mga taong may mga kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip na bumuo ng mga kasanayan sa pagharap sa pang-araw-araw na pamumuhay. Kasama rin sa mga serbisyong ito ang gawaing ginagawa ng provider upang makatulong na gawing mas mahusay ang mga serbisyo para sa taong tumatanggap ng pangangalaga. Kabilang sa mga ganitong uri ng bagay ang mga assessment para makita kung kailangan mo ang serbisyo at kung maayos na gumagana ang serbisyo; pagpaplano ng paggamot para magpasya sa mga layunin ng iyong paggamot sa kalusugan ng pag-iisip at ang mga partikular na serbisyong ibibigay; at “collateral,” na nangangahulugan ng pakikipagtulungan sa mga miyembro ng pamilya at mahahalagang tao sa iyong buhay (kung ibibigay mo ang iyong pahintulot) para tulungan kang mapabuti o mapanatili ang iyong mga kakayahan sa pang-araw-araw na pamumuhay.
- Maaaring ibigay ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip sa isang klinika o tanggapan ng provider, o sa iyong tahanan o iba pang setting ng komunidad, sa pamamagitan ng pagtawag o sa pamamagitan ng telehealth (kung saan kasama ang parehong audio lamang at mga interaksyon sa video). Makikipagtulungan sa iyo ang county at provider para matukoy ang dalas ng iyong mga serbisyo/appointment.

Mga Serbisyo sa Suporta sa Gamot

- Kasama sa mga serbisyong ito ang pagrereseta, pangangasiwa, pagbibigay, at pagsubaybay ng mga psychiatric na gamot. Ang iyong provider ay maaari ring magbigay ng edukasyon sa gamot. Maaaring ibigay ang mga serbisyo ito sa isang klinika, sa tanggapan ng doktor, sa iyong tahanan, isang setting ng komunidad, sa pamamagitan ng pagtawag o sa pamamagitan ng telehealth (kung saan kasama ang parehong audio lamang at mga interaksyon sa video).

Targeted na Pamamahala ng Kaso

- Tumutulong ang serbisyong ito sa mga miyembro na makakuha ng medikal, pang-edukasyon, panlipunan, prevocational, bokasyonal, rehabilitative, o iba pang serbisyong pangkomunidad kapag ang mga serbisyong ito ay maaaring mahirap para sa mga taong may kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip na kunin nang mag-isa. Kasama sa targeted na pamamahala ng kaso ang, ngunit hindi limitado sa:
    - Pagbuo ng plano;
    - Komunikasyon, koordinasyon, at referral;
    - Pagsubaybay sa pag-deliver ng serbisyo para matiyak ang access ng tao sa serbisyo at ang sistema ng pag-deliver ng serbisyo; at
    - Pagsubaybay sa progreso ng tao.

Mga Serbisyo ng Interbensyon sa Krisis

- Ang serbisyong ito ay magagamit para tugunan ang isang agarang kondisyon na nangangailangan ng agarang atensyon. Ang layunin ng interbensyon sa krisis ay tulungan ang mga tao sa komunidad para hindi na sila kailangang pumunta sa ospital. Maaaring tumagal ang interbensyon sa panahon ng krisis nang hanggang walong oras at maaaring ibigay sa isang klinika o tanggapan ng provider, o sa iyong tahanan o iba pang setting ng komunidad. Ang mga serbisyong ito ay maaari ring gawin sa telepono o sa pamamagitan ng telehealth.

Mga Serbisyo sa Pag-stabilize sa Panahon ng Krisis

- Ang serbisyong ito ay magagamit para tugunan ang isang agarang kondisyon na nangangailangan ng agarang atensyon. Ang pag-stabilize ng krisis ay hindi tumatagal nang 24 na oras at dapat ibigay sa isang lisensyadong 24 na oras na pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan, sa isang programang outpatient na nakabase sa ospital, o sa isang lugar ng provider na sertipikadong magbigay ng mga serbisyo ito.

Mga Serbisyo sa Paggamot ng Nasa Hustong Gulang na Residente

- Nagbibigay ang mga serbisyong ito ng paggamot sa kalusugan ng pag-iisip sa mga may kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip na naninirahan sa mga lisensyadong residensyal na pasilidad. Tumutulong ang mga ito sa pagbuo ng mga kasanayan para sa mga tao at nagbibigay ng mga serbisyo sa paggamot sa residente para sa mga taong may kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip. Available ang mga serbisyong ito 24 na oras sa isang araw at pitong araw sa isang linggo. Hindi sinasaklaw ng Medi-Cal ang gastos sa silid at board para sa pananatili sa mga pasilidad na ito.

Mga Serbisyo sa Paggamot sa Residenysal na Krisis

- Ang mga serbisyong ito ay nagbibigay ng paggamot sa kalusugan ng pag-iisip at pagbuo ng kasanayan para sa mga taong may malubhang mental o emosyonal na krisis. Hindi ito para sa mga taong nangangailangan ng psychiatric na pangangalaga sa isang ospital. Available ang mga serbisyo sa mga lisensyadong pasilidad sa loob ng 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo. Hindi sinasaklaw ng Medi-Cal ang gastos sa silid at board para sa pananatili sa mga pasilidad na ito.

Mga Serbisyo ng Intensibong Paggamot sa Araw

- Ito ay isang nakabalangkas na programa ng paggamot sa kalusugan ng pag-iisip na ibinibigay sa isang grupo ng mga tao na maaaring kakailanganing nasa ospital o isa pang 24 na oras na pasilidad ng pangangalaga. Tumatagal ang

programa ng tatlong oras sa isang araw. Kabilang dito ang therapy, psychotherapy at mga aktibidad sa pagbuo ng kasanayan.

Rehabilitasyon sa Araw

- Nilalayon ng programang ito na tulungan ang mga taong may kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip na matuto at bumuo ng mga kasanayan sa pag-cope at buhay upang mas mahusay na pamahalaan ang kanilang mga sintomas. Hindi tatagal ng tatlong oras bawat araw ang programa. Kabilang dito ang therapy at mga aktibidad sa pagbuo ng kasanayan.

Mga Psychiatric na Serbisyo sa Inpatient ng Ospital

- Ito ay mga serbisyong ibinibigay sa isang lisensyadong psychiatric na ospital. Magpapasya ang isang lisensyadong propesyonal sa kalusugan ng pag-iisip kung ang isang tao ay nangangailangan ng intensive na paggamot sa buong araw para sa kondisyon ng kanilang kalusugan ng pag-iisip. Kung nagpasya ang propesyonal na ang miyembro ay nangangailangan ng buong araw na paggamot, dapat manatili ang miyembro sa ospital 24 na oras sa isang araw.

Mga Serbisyo sa Pasilidad ng Psychiatric Health

- Inaalok ang mga serbisyong ito sa isang lisensiyadong pasilidad ng kalusugang pang-psychiatric na dalubhasa sa 24 na oras na rehabilitative na paggamot ng malulubhang kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip. Ang mga pasilidad ng kalusugang pang-psychiatric ay dapat magkaroon ng kasunduan sa isang malapit na ospital o klinika para matugunan ang mga pangangailangan sa pisikal na pangangalagang pangkalusugan ng mga tao sa pasilidad. Ang mga pasilidad ng kalusugang pang-psychiatric ay maaari lang tanggapin at gamutin ang mga pasyente na walang pisikal na karamdaman o pinsala na mangangailangan ng paggamot na higit sa karaniwang maaaring gamutin sa isang outpatient na batayan.

Mga Serbisyo ng Therapy Kaugnay ng Pag-uugali

Ang Mga Serbisyo ng Therapy Kaugnay ng Pag-uugali ay intensibong panandaliang interbensyon sa paggamot sa outpatient para sa mga miyembro hanggang sa edad na 21. Ang mga serbisyong ito ay partikular na idinisenyo para sa bawat miyembro. Ang mga miyembrong tumatanggap ng mga serbisyong ito ay may malubhang emosyonal na abala, nakararanas ng mabigat na pagbabago o krisis sa buhay, at nangangailangan ng karagdagang panandaliang, partikular na mga serbisyo ng suporta.

Ang mga serbisyong ito ay isang uri ng espesyal na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip na available sa pamamagitan ng county kung mayroon kang malubhang emosyonal na problema. Para makakuha ng Mga Serbisyo ng Therapy Kaugnay ng Pag-uugali, dapat kang makatanggap ng serbisyo sa kalusugan ng isip, wala pang 21 taong gulang, at may kumpletong saklaw na Medi-Cal.

- Kung nakatira ka sa bahay, ang isang kawani ng Mga Serbisyo ng Therapy Kaugnay ng Pag-uugali ay maaaring makipagtulungan sa iyo nang personal para mabawasan ang malalang problema sa pag-uugali para subukang pigilan ka sa pangangailangang pumunta sa mas mataas na antas ng pangangalaga, tulad ng isang panggrupong tahanan para sa mga bata at kabataan na wala pang 21 taong gulang na may malubhang emosyonal na problema.
- Kung nakatira ka sa isang out-of-home placement, ang isang kawani ng Mga Serbisyo ng Therapy Kaugnay ng Pag-uugali ay maaaring makipagtulungan sa iyo para makalipat ka sa bahay o sa isang family-based na setting, tulad ng isang foster home.

Ang Mga Serbisyo ng Therapy Kaugnay ng Pag-uugali ay tutulong sa iyo at sa iyong pamilya, tagapangalaga, o tagapag-alaga na matuto ng mga bagong paraan ng pagtugon sa problemang may kaugnayan sa pag-uugali at dagdagan ang mga uri ng pag-uugali na magbibigay-daan sa iyo na maging matagumpay. Ikaw, ang kawani ng Mga Serbisyo ng Therapy Kaugnay ng Pag-uugali at ang iyong pamilya, tagapangalaga, o tagapag-alaga ay magtutulungan bilang isang team para tugunan ang mga problemang pag-uugali sa loob ng maikling panahon hanggang sa hindi mo na

kailangan ang mga serbisyo. Magkakaroon ka ng plano ng Mga Serbisyo ng Therapy Kaugnay ng Pag-uugali na magsasabi kung ano ang gagawin mo, ng iyong pamilya, tagapangalaga, o tagapag-alaga, at ng kawani ng Mga Serbisyo ng Therapy Kaugnay ng Pag-uugali sa panahon ng Mga Serbisyo ng Therapy Kaugnay ng Pag-uugali habang tinatanggap ang mga serbisyong ito. Kasama rin sa plano ng Mga Serbisyo ng Therapy Kaugnay ng Pag-uugali kung kailan at saan magaganap ang mga serbisyo. Ang kawani ng Mga Serbisyo ng Therapy Kaugnay ng Pag-uugali ay maaaring makipagtulungan sa iyo sa karamihan ng mga lugar kung saan malamang na kailangan mo ng tulong. Kabilang dito ang iyong tahanan, foster home, paaralan, programa ng paggamot sa araw, at iba pang lugar sa komunidad.

Koordinasyon ng Intensibong Pangangalaga

Isa itong naka-target na serbisyo sa pamamahala ng kaso na nagpapadali sa assessment, pagpaplano ng pangangalaga para sa, at koordinasyon ng mga serbisyo sa mga benepisyaryo na wala pang 21 taong gulang. Ang serbisyong ito ay para sa mga kwalipikado para sa buong saklaw ng mga serbisyo ng Medi-Cal at na-refer sa serbisyo batay sa medikal na pangangailangan. Ibinibigay ang serbisyong ito sa pamamagitan ng mga prinsipyo ng Integrated Core Practice Model. Kabilang dito ang pagbuo ng Child and Family Team upang makatulong na matiyak na mayroong malusog na pakikipag-ugnayan sa pagitan ng isang bata, kanilang pamilya, at mga kasama na sistema ng pagbibigay ng serbisyo sa bata.

Kasama sa Child and Family Team ang propesyonal na suporta (halimbawa: coordinator ng pangangalaga, provider, at tagapangasiwa ng kaso mula sa mga ahensya na nagbibigay ng serbisyo sa bata), natural na suporta (halimbawa: mga miyembro ng pamilya, kapitbahay, kaibigan, at pastor o pari), at iba pang taong nagtutulungan para gawin at isakatuparan ang plano ng kliyente. Sinusuportahan at tinitiyak ng team na ito na maabot ng mga bata at pamilya ang kanilang mga layunin.

Ang serbisyong ito ay mayroon ding coordinator na:

- Tinitiyak na ang mga serbisyong medikal na kinakailangan ay naa-access,

nakokoordina, at nade-deliver sa isang paraan na nakabatay sa lakas, indibidwal, hinihimok ng kliyente, ayon sa kultura at wikang naaangkop.

- Tinitiyak na ang mga serbisyo at suporta ay batay sa mga pangangailangan ng bata.
- Gumagawa ng paraan para magtulungan ang lahat para sa bata, pamilya, provider, atbp.
- Sinusuportahan ang magulang/tagapangalaga sa pagtulong na matugunan ang mga pangangailangan ng bata.
- Tumutulong sa pagbuo ng Child and Family Team at nagbibigay ng patuloy na suporta.
- Tinitiyak na naaalagaan ang bata ng ibang mga sistema ng pagbibigay ng serbisyo sa bata kapag kinakailangan.

Mga Intensibong Serbisyo na Nakabase sa Bahay

- Ang mga serbisyong ito ay partikular na idinisenyo para sa bawat miyembro. Kabilang dito ang mga interbensyon na nakabatay sa lakas para mapabuti ang mga kondisyon ng kalusugan ng pag-iisip na maaaring makagambala sa pagkilos ng bata/kabataan. Nilalayon ng mga serbisyong ito na tulungan ang bata/kabataan na bumuo ng mga kinakailangang kasanayan para kumilos nang mas mabuti sa tahanan at sa komunidad at pagbutihin ang kakayahan ng kanilang pamilya na tulungan silang gawin ito.
- Ang Mga Intensibong Serbisyon na Nakabase sa Bahay ay ibinibigay sa ilalim ng Integrated Core Practice Model ng Child and Family Team. Ginagamit nito ang pangkalahatang plano ng serbisyo ng pamilya. Ibinibigay ang mga serbisyong ito sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang na kwalipikado para sa kumpletong saklaw na mga serbisyo ng Medi-Cal. Kailangan ang isang referral batay sa medikal na pangangailangan para matanggap ang mga serbisyong ito.

Therapeutic Foster Care

- Nagbibigay-daan ang modelo ng serbisyo ng Therapeutic Foster Care ng panandalian, intensibo, at trauma-informed na mga espesyal na serbisyo sa

kalusugan ng pag-iisip para sa mga bata hanggang sa edad na 21 na may kumplikadong pangangailangan sa emosyonal at pag-uugali. Ang mga serbisyong ito ay partikular na idinisenyo para sa bawat miyembro. Sa Therapeutic Foster Care, ang mga bata ay inilalagay kasama ng mga sinanay, pinangangasiwaan, at suportadong mga magulang ng Therapeutic Foster Care.

Justice-Involved Reentry (Muling Pagbabalik ng Nasasakdal sa Lipunan)

- Pagbibigay ng mga serbisyong pangkalusugan sa mga miyembrong nasasakdal hanggang 90 araw bago ang kanilang paglaya mula sa pagkakakulong. Kasama sa mga uri ng mga serbisyong available ang kaso ng pamamahala ng muling pagbabalik sa lipunan, mga serbisyo sa klinikal na konsultasyon sa kalusugan ng pag-uugali, suporta ng kasamahan, pagpapayo sa kalusugan ng pag-uugali, therapy, edukasyon ng pasyente, mga serbisyo sa gamot, pagpaplano pagkatapos ng paglaya at paglabas sa kulungan, serbisyo sa laboratoryo at radiology, impormasyon sa gamot, serbisyo ng suporta, at tulong para magpatala sa naaangkop na provider ng serbisyo, halimbawa isang Programa sa Paggamot ng Narcotics upang magpatuloy sa Paggamot na Suportado ng Gamot kapag nakalaya. Upang matanggap ang mga serbisyong ito, ang mga indibidwal ay dapat na isang miyembro ng Medi-Cal o CHIP, at:
    - Kung wala pang 21 taong gulang ay nakakulong sa isang Repormtoryo para sa Mga Kabataan.
    - Kung nasa hustong gulang, nasa kustodiya at natutugunan ang isa sa mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan ng programa.
- Tawagan ang iyong county gamit ang numero ng telepono sa pabalat ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon ng serbisyong ito.

Mga Serbisyo sa Suporta ng Peer ng Medi-Cal (iba-iba bawat county)

- Itinataguyod ng Mga Serbisyo sa Suporta ng Peer ng Medi-Cal ang pagpapagaling, katatagan, pakikipag-ugnayan, pakikisalamuha, pagiging independiyente, pagtataguyod sa sarili, pagbuo ng mga natural na suporta, at pagkilala sa mga kalakasan sa pamamagitan ng mga nakabalangkas na

aktibidad. Ang mga serbisyong ito ay maaaring ibigay sa iyo o sa iyong itinalagang makabuluhang (mga) taong sumusuporta at maaaring matanggap kasabay ng pagtanggap mo ng iba pang serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip. Ang Espesyalista sa Mga Serbisyo sa Suporta ng Peer ng Medi-Cal ay isang indibidwal na may aktwal na karanasan sa kalusugan ng pag-uugali o mga kondisyon sa paggamit ng ipinagbabawal na substance at nasa pagpapagaling, na nakakumpleto ng mga kinakailangan ng programa ng sertipikasyon na inaprubahan ng Estado ng isang county, na sertipikado ng county, at nagbibigay ng mga serbisyong ito sa utos ng isang Propesyonal sa Kalusugan ng Pag-uugali na lisensyado, na-waive, o nakarehistro sa Estado.

- Kasama sa Mga Serbisyo sa Suporta ng Peer ng Medi-Cal ang indibidwal at panggrupong coaching, mga pangkat sa pagbuo ng kasanayang pang-edukasyon, pag-navigate sa mapagkukunan, serbisyo sa pakikipag-ugnayan upang hikayatin kang lumahok sa paggamot sa kalusugan ng pag-uugali, at aktibidad na pang-therapy tulad ng pagtataguyod ng self-advocacy.
- Maaaring maging kwalipikado ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang para sa serbisyo sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnostic, at Paggamot saanmang county sila nakatira.
- Opsyonal ang pagbibigay ng Mga Serbisyo sa Suporta ng Peer ng Medi-Cal para sa mga kalahok na county. Sumangguni sa seksyon ng “Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Iyong County” na matatagpuan sa dulo ng handbook na ito para malaman kung nagbibigay ng serbisyong ito ang iyong county.
- Kabilang sa benepisyo ng pagpapalawak ng mga Espesyalista para sa Peer Support (Suporta sa Kasamahan) ng Medi-cal ang forensic area of specialization.
    - Isinasama nito ang karagdagang pagsasanay at kasanayan para sa sertipikadong mga Espesyalista para sa Peer Support ng Medi-cal na nagbibigay ng peer support (suporta sa kasamahan) sa mga indibidwal na nasangkot sa hustisya laban sa krimen. Ang peer support (suporta sa kasamahan) para sa mga taong nasangkot sa hustisya laban sa krimen ay madalas na nagsisimula mula sa paunang pakikipag-ugnay sa

tagapagpatupad ng batas at nagpapatuloy ang suporta sa pamamagitan ng muling pagpasok at muling pagbabalik (reintegration) sa komunidad pagkatapos ng paglaya mula sa pagkakakulong.

- Napakahalaga ng mga Espesyalista para sa Peer Support (Suporta sa Kasamahan) sa pagtulong na matukoy ang mga mapagkukunan sa loob ng komunidad, kabilang ang mga oportunidad sa trabaho at pabahay, na maaaring magdulot ng mga hadlang para sa mga indibidwal na nasangkot sa hustisya laban sa krimen. Gamit ang isang may kaalaman sa trauma na diskarte, kumikilos ang mga peer (kasamahan) na may buhay na karanasan ng pagkakasangkot sa hustisya laban sa krimen bilang mga mapagkakatiwalaang huwaran, sumusuporta sa pag-uugaling pro-social, humihikayat sa pagsunod sa mga kinakailangan sa probasyon/parol, at nagbibigay ng pag-asa na mayroong isang mas magandang buhay na posible para sa mga indibidwal na umalis sa sistema ng hustisya laban sa krimen.

Mga Mobile na Serbisyo sa Panahon ng Krisis

- Available ang Mga Mobile na Serbisyo sa Panahon ng Krisis kung nagkakaroon ka ng krisis sa kalusugan ng pag-iisip.
- Ang Mga Mobile na Serbisyo sa Panahon ng Krisis ay ibinibigay ng mga provider ng kalusugan sa lokasyon kung saan ka nakakaranas ng krisis, kabilang sa iyong tahanan, trabaho, paaralan, o iba pang lokasyon ng komunidad, hindi kasama ang ospital o iba pang setting ng pasilidad. Available ang Mga Mobile na Serbisyo sa Panahon ng Krisis 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, at 365 araw sa isang taon.
- Kasama sa mga mobile na serbisyo sa panahon ng krisis ang mabilis na pagtugon, indibidwal na assessment at pag-stabilize na nakabatay sa komunidad. Kung kailangan mo ng karagdagang pangangalaga, ang mga mobile provider sa panahon ng krisis ay magbibigay din ng mga personal na pag-handoff o referral sa ibang mga serbisyo.

Mga Pinahusay na Manggagawa sa Kalusugan ng Komunidad

- Kumakatawan ang mga Pinahusay na Manggagawa sa Kalusugan ng Komunidad sa isang pinalawak na saklaw ng mga serbisyo ng pag-iwas na ibinigay ng mga pinagkakatiwalaang miyembro ng komunidad, kung saan madalas kasama ang mas inensibong koordinasyon ng pangangalaga, mas malalim na pakikipag-ugnayan sa komunidad, at dalubhasang suporta para sa mga indibidwal na may kumplikadong mga pangangailangan sa kalusugan sa pag-uugali.
- Bilang karagdagan sa outreach at edukasyon na karaniwang nauugnay sa isang tungkulin ng CHW, ang isang Pinahusay na CHW ay maaaring makatulong na pamahalaan ang malulubhang (chronic) kondisyon, mag-navigate sa mga sistema ng pangangalagang pangkalusugan, magbigay ng suporta sa lipunan, at magtaguyod para sa mga miyembro na ma -access ang mga kinakailangang mapagkukunan.

Mga Serbisyo sa Sakit sa Paggamit ng Ipinagbabawal na Substance

Ano ang Mga Serbisyo ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng County?

Ang mga serbisyo ng county ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ay para sa mga taong may kondisyon sa paggamit ng substance, na nangangahulugang maaaring mali ang paggamit nila sa alak o iba pang gamot, o mga taong maaaring nasa panganib ng pagkakaroon ng kondisyon sa paggamit ng substance na maaaring hindi magamot ng pediatrician o general practitioner. Kasama rin sa mga serbisyong ito ang gawaing ginagawa ng provider upang makatulong na gawing mas mahusay ang mga serbisyo para sa taong tumatanggap ng pangangalaga. Kasama sa ganitong uri ng mga bagay ang mga assessment para malaman kung kailangan mo ang serbisyo at kung gumagana ang serbisyo.

Maaaring ibigay ang mga serbisyo ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal sa isang klinika o tanggapan ng provider, o sa iyong tahanan o iba pang setting ng komunidad, sa pamamagitan ng pagtawag, o sa pamamagitan ng

telehealth (kung saan kasama ang parehong audio lamang at mga interaksyon sa video). Makikipagtulungan sa iyo ang county at provider para matukoy ang dalas ng iyong mga serbisyo/appointment.

American Society of Addiction Medicine (ASAM)

Ang ilan sa mga serbisyo ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal na maaari mong matanggap ay batay sa mga pamantayan ng American Society of Addiction Medicine. Gagamitin ng county o provider ang tool ng American Society of Addiction Medicine para mahanap ang tamang uri ng mga serbisyo para sa iyo – kung kinakailangan. Inilalarawan ang mga uri ng serbisyong ito bilang "mga antas ng pangangalaga," at tinukoy sa ibaba.

Screening, Assessment, Maikling Interbensyon, at Referral sa Paggamot (American Society of Addiction Medicine Antas 0.5)

Ang Screening sa Pag-inom ng Alak at Paggamit ng Ipinagbabawal na Gamot, Assessment, Maikling Interbensyon at Referral sa Paggamot (Alcohol and Drug Screening, Assessment, Brief Interventions, and Referral to Treatment, SABIRT) ay hindi benepisyo ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal. Isa itong benepisyo sa Medi-Cal Fee-for-Service at Medi-Cal managed care delivery system para sa mga miyembro na may edad na 11 pataas. Ang mga plano sa pinamamahalaang pangangalaga ay dapat magkaloob ng mga saklaw na serbisyo sa sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substance, kabilang ang serbisyong ito para sa mga miyembrong may edad na 11 taong gulang pataas.

Mga Serbisyo ng Maagang Interbensyon

Ang mga serbisyo ng maagang interbensyon ay isang saklaw na serbisyo ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang. Sinumang miyembro na wala pang 21 taong gulang na na-screen at natukoy na nanganganib na magkaroon ng sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substance ay maaaring makatanggap ng anumang serbisyong saklaw sa ilalim ng antas ng serbisyo ng outpatient bilang mga serbisyo ng maagang

interbensyon. Hindi kinakailangan ang diagnosis ng sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substance para sa mga serbisyo ng maagang interbensyon para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang.

Maagang Pana-panahong Screening, Diagnosis, at Paggamot

Maaaring makakuha ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang ng mga serbisyong inilarawan sa unang bahagi ng handbook na ito pati na rin ng mga karagdagang serbisyo ng Medi-Cal sa pamamagitan ng benepisyong tinatawag na Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnostic, at Paggamot.

Para makakuha ng mga serbisyo ng Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnostic, at Paggamot, ang isang miyembro ay dapat wala pang 21 taong gulang at may kumpletong saklaw na Medi-Cal. Sinasaklaw ng benepisyong ito ang mga serbisyong medikal na kinakailangan upang iwasto o tulungan ang mga kondisyong pangkalusugan ng pangangatawan at pag-uugali. Ang mga serbisyong nagpapanatili, sumusuporta, nagpapahusay, o mas nagpapa-tolerate sa isang kondisyon ay itinuturing na makakatulong sa kondisyon at sinasaklaw bilang mga serbisyo ng Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnosis, at Paggamot. Ang pamantayan sa pag-access para sa mga miyembrong wala pang 21 ay naiiba at mas flexible kaysa sa pamantayan sa pag-access para sa mga nasa hustong gulang na nakaka-access sa mga serbisyo ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal, para matugunan ang Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnostic, at Paggamot na kinakailangan at ang layunin para sa pag-iwas at maagang interbensyon ng mga kondisyon ng sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substance.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga serbisyong ito, mangyaring tawagan ang iyong plano sa kalusugan ng pag-uugali o bisitahin ang DHCS Early and Periodic Screening, Diagnostic, and Treatment webpage.

Mga Serbisyo ng Paggamot sa Outpatient (American Society of Addiction Medicine Antas 1)

- Ibinibigay ang mga serbisyo ng pagpapayo sa mga miyembro hanggang siyam na oras sa isang linggo para sa mga nasa hustong gulang at hindi tatagal ng anim na oras sa isang linggo para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang kapag medikal na kinakailangan. Maaari kang magkaroon ng mas matagal na oras batay sa iyong mga pangangailangan. Maaaring ibigay ang mga serbisyo ng isang lisensyadong taong, tulad ng isang tagapayo, sa personal, sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono, o ng telehealth.
- Kasama sa mga Serbisyo sa Outpatient ang assessment, koordinasyon sa pangangalaga, pagpapayo (indibidwal at grupo), therapy ng pamilya, serbisyo ng gamot, Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksyon para sa sakit sa paggamit ng opioid, Gamot para sa Paggamot sa Adiksyon para sa sakit sa pag-inom ng alak at iba pang sakit sa paggamit ng non-opioid na substance, edukasyon ng pasyente, serbisyo sa pagpapagaling, at serbisyo ng interbensyon sa krisis sa sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substance.

Mga Intensibong Serbisyo sa Outpatient (American Society of Addiction Medicine Antas 2.1)

- Ibinibigay ang Mga Intensibong Serbisyo sa Outpatient sa mga miyembro nang minimum na siyam na oras na may maximum na 19 na oras sa isang linggo para sa mga nasa hustong gulang, at minimum na anim na oras na may maximum na 19 na oras sa isang linggo para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang kapag natukoy na medikal na kinakailangan. Maaaring lumampas sa maximum ang mga serbisyo batay sa indibidwal na pangangailangang medikal. Karaniwang binubuo ang mga serbisyo ng pagpapayo at edukasyon tungkol sa mga isyung nauugnay sa adiksyon. Ang mga serbisyo ay maaaring ibigay ng isang lisensyadong propesyonal o isang sertipikadong tagapayo sa isang structured na setting. Maaaring ibigay ang Mga Intensibong Serbisyo ng Paggamot sa Outpatient nang personal, sa pamamagitan ng telehealth, o sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono.

- Kasama sa Mga Intensibong Serbisyo sa Outpatient ang parehong mga bagay tulad ng Mga Serbisyo sa Outpatient. Ang higit pang oras ng serbisyo ang pangunahing pagkakaiba.

Hindi Ganap na Pagkakaospital (nag-iiba ayon sa county) (American Society of Addiction Medicine Antas 2.5)

- Maaaring makakakuha ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang ng serbisyong ito sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnostic, at Paggamot saanmang county sila nakatira.
- Kasama sa mga serbisyo ng Hindi Ganap na Pagkakaospital ang 20 o higit pang oras ng mga serbisyo bawat linggo, kung medikal na kinakailangan. Ang mga programa ng hindi ganap na pagkakaospital ay may direktang access sa mga serbisyong pang-psychiatric, pang-medikal, at pang-laboratoryo at nakakatugon sa mga natukoy na pangangailangan na nangangailangan ng pang-araw-araw na pagsubaybay o pamamahala, ngunit maaaring angkop na matugunan sa isang klinika. Ang mga serbisyo ay maaaring ibigay nang personal, sa pamamagitan ng telehealth, o sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono.
- Ang mga serbisyo ng Hindi Ganap na Pagkakaospital ay katulad ng Mga Intensibong Serbisyo sa Outpatient, kung saan ang pangunahing pagkakaiba ay ang pagtaas sa bilang ng mga oras at karagdagang access sa mga serbisyong medikal.

Residensyal na Paggamot (napapailalim sa awtorisasyon ng county) (American Society of Addiction Medicine Antas 3.1 – 4.0)

- Ang Residensyal na Paggamot ay isang programa na nagbibigay ng mga serbisyo ng rehabilitasyon sa mga miyembrong na-diagnose na may sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substance kapag natukoy na medikal na kinakailangan. Ang miyembro ay maninirahan sa propyedad at dapat suportahan sa kanilang mga pagsisikap na magbago, mapanatili, magamit ang interpersonal at independiyenteng mga kasanayan sa pamumuhay sa pamamagitan ng pag-access sa mga sistema ng suporta sa komunidad. Ibinibigay nang personal ang

karamihan sa mga serbisyo; gayunpaman, ang telehealth at pagtawag sa telepono ay maaari ring gamitin para magbigay ng mga serbisyo habang ang isang tao ay nasa ilalim ng residensyal na paggamot. Nagtutulungan ang mga provider at residente para tukuyin ang mga hadlang, magtakda ng mga priyoridad, bumuo ng mga layunin, at lutasin ang mga problemang nauugnay sa sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substance. Kasama sa mga layunin ang hindi paggamit ng mga ipinagbabawal na substance, paghahanda para sa mga nagti-trigger ng relapse, pagpapabuti ng personal na kalusugan at mga kasanayang panlipunan, at pakikibahagi sa pangmatagalang pangangalaga.

- Ang mga residensyal na serbisyo ay nangangailangan ng paunang awtorisasyon ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county.
- Kasama sa Mga Residensyal na Serbisyo ang paggamit at assessment, koordinasyon ng pangangalaga, indibidwal na pagpapayo, pagpapayo sa grupo, therapy sa pamilya, mga serbisyo sa gamot, Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksyon para sa sakit sa paggamit ng opioid, Gamot para sa Paggamot sa Adiksyon para sa sakit sa pag-inom ng alak at iba pang sakit sa paggamit ng non-opioid na substance, edukasyon ng pasyente, serbisyo sa pagpapagaling, at serbisyo ng interbensyon sa krisis ng sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substance.
- Ang mga provider ng Residensyal na Serbisyo ay kinakailangang mag-alok ng mga gamot para sa paggamot sa adiksyon sa mismong site o tulungan ang mga miyembro na makakuha ng mga gamot sa adiksyon sa labas ng site. Hindi natutugunan ng mga provider ng Residensyal na Serbisyo ang kinakailangang ito sa pamamagitan lang ng pagbibigay ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa mga Gamot para sa mga provider ng Paggamot sa Adiksyon. Ang mga provider ng Residensyal na Serbisyo ay kinakailangang mag-alok at magreseta ng mga gamot sa mga miyembrong saklaw sa ilalim ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal.

Mga Serbisyo ng Paggamot sa Inpatient (napapailalim sa awtorisasyon ng county) (American Society of Addiction Medicine Antas 3.1 – 4.0)

- Maaaring maging kwalipikado ang mga benepisyaryong wala pang 21 taong gulang para sa serbisyo sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnostic, at Paggamot anuman ang kanilang county na tinitirahan.
- Ang mga serbisyo sa inpatient ay makukuha nang 24 na oras na nagbibigay ng propesyonal na direksyon sa pagsusuri, obserbasyon, medikal na pagsubaybay, at paggamot sa adiksyon sa isang inpatient na setting. Karamihan sa mga serbisyo ay ibinibigay nang personal; gayunpaman, ang telehealth at telepono ay maaari ding gamitin para magbigay ng mga serbisyo sa inpatient habang ginagamot.
- Ang mga serbisyo sa inpatient ay organisado, at malamang na available ang isang doktor sa site nang 24 na oras araw-araw, kasama ang mga Rehistradong Nars, tagapayo sa adiksyon, at iba pang klinikal na kawani. Kasama sa Mga Serbisyo sa Inpatient ang assessment, koordinasyon ng pangangalaga, pagpapayo, therapy ng pamilya, mga serbisyo ng gamot, Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksyon para sa sakit sa paggamit ng opioid, Gamot para sa Paggamot sa Adiksyon para sa sakit sa pag-inom ng alak at iba pang sakit sa paggamit ng non-opioid na substance, edukasyon ng pasyente, serbisyo sa pagpapagaling, at serbisyo ng interbensyon sa krisis ng sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substance.

Programa sa Paggamot Kaugnay ng Narcotics

- Ang Mga Programa sa Paggamot Kaugnay ng Narcotics ay mga programa sa labas ng ospital na nagbibigay ng mga gamot para gamutin ang mga sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substance, kapag itinuring ng isang doktor na medikal na kinakailangan. Ang Mga Programa sa Paggamot Kaugnay ng Narcotics ay kinakailangang magbigay ng mga gamot sa mga miyembro, kabilang ang methadone, buprenorphine, naloxone, at disulfiram.
- Dapat alukin ang isang miyembro, sa minimum, nang 50 minuto ng mga sesyon ng pagpapayo bawat buwan ng kalendaryo. Ang mga serbisyong ito sa

pagpapayo ay maaaring ibigay nang personal, sa pamamagitan ng telehealth, o sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono. Kasama sa Mga Serbisyo sa Paggamot Kaugnay ng Narcotics ang assessment, koordinasyon ng pangangalaga, pagpapayo, therapy ng pamilya, medikal na psychotherapy, mga serbisyo ng gamot, Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksyon para sa sakit sa paggamit ng opioid, Gamot para sa Paggamot sa Adiksyon para sa sakit sa pag-inom ng alak at iba pang sakit sa paggamit ng non-opioid na substance, edukasyon ng pasyente, serbisyo sa pagpapagaling, at sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substance at serbisyo ng interbensyon sa krisis ng sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substance.

Pamamahala ng Withdrawal

- Ang mga serbisyo sa pamamahala ng withdrawal ay agarang kinakailangan at ibinibigay sa isang panandaliang batayan. Maaaring ibigay ang mga serbisyong ito bago magawa ang isang buong pagsusuri. Maaaring ibigay ang mga serbisyo sa pamamahala ng withdrawal sa isang outpatient, residensyal, o inpatient na setting.
- Anuman ang uri ng setting, dapat subaybayan ang miyembro sa panahon ng proseso ng pamamahala ng withdrawal. Ang mga miyembrong tumatanggap ng pamamahala ng withdrawal sa residensyal o inpatient na setting ay dapat manirahan sa lokasyon iyon. Ang mga medikal na kinakailangang serbisyo sa habilitative at rehabilitative ay inirereseta ng isang lisensyadong doktor o lisensyadong tagapagreseta.
- Kasama sa Mga Serbisyo sa Pamamahala ng Withdrawal ang assessment, koordinasyon sa pangangalaga, mga serbisyo ng gamot, Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksyon para sa sakit sa paggamit ng opioid, Gamot para sa Paggamot sa Adiksyon para sa sakit sa pag-inom ng alak at iba pang sakit sa paggamit ng substance na non-opioid, obserbasyon, at serbisyo sa pagpapagaling.

Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksyon

- Available ang mga gamot para sa Mga Serbisyo sa Paggamot sa Adiksyon sa mga klinikal at hindi klinikal na setting. Kasama sa Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksyon ang lahat ng gamot na inaprubahan ng FDA at biyolohikal na produkto para gamutin ang sakit sa pag-inom ng alak, paggamit ng opioid, at anupamang sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substance. Ang mga miyembro ay may karapatan na alukin ng Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksyon sa mismong site o sa pamamagitan ng referral sa labas ng pasilidad. Kasama sa listahan ng mga inaprubahang gamot ang:
    - Acamprosate Calcium
    - Buprenorphine Hydrochloride
    - Buprenorphine Extended-Release Injectable (Sublocade)
    - Buprenorphine/Naloxone Hydrochloride
    - Naloxone Hydrochloride
    - Naltrexone (oral)
    - Naltrexone Microsphere Injectable Suspension (Vivitrol)
    - Lofexidine Hydrochloride (Lucemyra)
    - Disulfiram (Antabuse)
    - Methadone (dine-deliver ng Mga Programa sa Paggamot Kaugnay ng Narcotics)
- Maaaring ibigay ang mga gamot para sa Paggamot sa Adiksyon kasama ng mga sumusunod na serbisyo: assessment, koordinasyon sa pangangalaga, pagpapayo sa indibidwal, pagpapayo sa grupo, therapy sa pamilya, mga serbisyo sa gamot, edukasyon ng pasyente, serbisyo sa pagpapagaling, serbisyo ng interbensyon sa krisis ng sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substance, at serbisyo sa pamamahala ng withdrawal. Ang mga gamot para sa Paggamot sa Adiksyon ay maaaring ibigay bilang bahagi ng lahat ng serbisyo ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal, kabilang halimbawa ang Mga Serbisyo sa Paggamot ng Outpatient, Mga Intensibong Serbisyo sa Outpatient, at Residensyal na Paggamot.

- Maa-access ng mga miyembro ang Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksyon sa labas ng county ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal. Halimbawa, ang Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksyon, tulad ng buprenorphine, ay maaaring ireseta ng ilang nagrereseta sa mga setting ng pangunahing pangangalaga na gumagana sa iyong plano sa pinamamahalaang pangangalaga at maaaring ibigay sa isang parmasya.

Justice-Involved Reentry (Muling Pagbabalik ng Nasasakdal sa Lipunan)

- Pagbibigay ng mga serbisyong pangkalusugan sa mga miyembrong nasasakdal hanggang 90 araw bago ang kanilang paglaya mula sa pagkakakulong. Kasama sa mga uri ng mga serbisyong available ang kaso ng pamamahala ng muling pagbabalik sa lipunan, mga serbisyo sa klinikal na konsultasyon sa kalusugan ng pag-uugali, suporta ng kasamahan, pagpapayo sa kalusugan ng pag-uugali, therapy, edukasyon ng pasyente, mga serbisyo sa gamot, pagpaplano pagkatapos ng paglaya at paglabas sa kulungan, serbisyo sa laboratoryo at radiology, impormasyon sa gamot, serbisyo ng suporta, at tulong para magpatala sa naaangkop na provider ng serbisyo, halimbawa isang Programa sa Paggamot ng Narcotics upang magpatuloy sa Paggamot na Suportado ng Gamot kapag nakalaya. Upang matanggap ang mga serbisyong ito, ang mga indibidwal ay dapat na isang miyembro ng Medi-Cal o CHIP, at:
    - Kung wala pang 21 taong gulang ay nakakulong sa isang Repormtoryo para sa Mga Kabataan.
    - Kung nasa hustong gulang, nasa kustodiya at natutugunan ang isa sa mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan ng programa.
- Tawagan ang iyong county gamit ang numero ng telepono sa pabalat ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon ng serbisyong ito.

Mga Serbisyo sa Suporta ng Peer ng Medi-Cal (iba-iba bawat county)

- Itinataguyod ng Mga Serbisyo sa Suporta ng Peer ng Medi-Cal ang pagpapagaling, katatagan, pakikipag-ugnayan, pakikisalamuha, pagiging independiyente, pagtataguyod sa sarili, pagbuo ng mga natural na suporta, at

pagkilala sa mga kalakasan sa pamamagitan ng mga nakabalangkas na aktibidad. Ang mga serbisyong ito ay maaaring ibigay sa iyo o sa iyong (mga) itinalagang makabuluhang taong tagasuporta at maaaring matanggap kasabay ng pagtanggap mo ng iba pang serbisyo ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal. Ang Espesyalista sa Mga Serbisyo sa Suporta ng Peer ng Medi-Cal ay isang indibidwal na may aktwal na karanasan sa kalusugan ng pag-uugali o mga kondisyon sa paggamit ng ipinagbabawal na substance at nasa pagpapagaling, na nakakumpleto ng mga kinakailangan ng programa ng sertipikasyon na inaprubahan ng Estado ng isang county, na sertipikado ng mga county, at nagbibigay ng mga serbisyong ito sa utos ng isang Propesyonal sa Kalusugan ng Pag-uugali na lisensyado, na-waive, o nakarehistro sa Estado.

- Kasama sa Mga Serbisyo sa Suporta ng Peer ng Medi-Cal ang indibidwal at panggrupong coaching, mga pangkat sa pagbuo ng kasanayang pang-edukasyon, pag-navigate sa mapagkukunan, serbisyo sa pakikipag-ugnayan upang hikayatin kang lumahok sa paggamot sa kalusugan ng pag-uugali, at aktibidad na pang-therapy tulad ng pagtataguyod ng self-advocacy.
- Maaaring maging kwalipikado ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang para sa serbisyo sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnostic, at Paggamot saanmang county sila nakatira.
- Opsyonal ang pagbibigay ng Mga Serbisyo sa Suporta ng Peer ng Medi-Cal para sa mga kalahok na county. Sumangguni sa seksyon ng “Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Iyong County” na matatagpuan sa dulo ng handbook na ito para malaman kung nagbibigay ng serbisyong ito ang iyong county.
- Kabilang sa benepisyo ng pagpapalawak ng mga Espesyalista para sa Peer Support (Suporta sa Kasamahan) ng Medi-cal ang forensic area of specialization.
    - Isinasama nito ang karagdagang pagsasanay at kasanayan para sa sertipikadong mga Espesyalista para sa Peer Support ng Medi-cal na nagbibigay ng peer support (suporta sa kasamahan) sa mga indibidwal na nasangkot sa hustisya laban sa krimen. Ang peer support (suporta sa kasamahan) para sa mga taong nasangkot sa hustisya laban sa krimen ay

madalas na nagsisimula mula sa paunang pakikipag-ugnay sa tagapagpatupad ng batas at nagpapatuloy ang suporta sa pamamagitan ng muling pagpasok at muling pagbabalik (reintegration) sa komunidad pagkatapos ng paglaya mula sa pagkakakulong.

- Napakahalaga ng mga Espesyalista para sa Peer Support (Suporta sa Kasamahan) sa pagtulong na matukoy ang mga mapagkukunan sa loob ng komunidad, kabilang ang mga oportunidad sa trabaho at pabahay, na maaaring magdulot ng mga hadlang para sa mga indibidwal na nasangkot sa hustisya laban sa krimen. Gamit ang isang may kaalaman sa trauma na diskarte, kumikilos ang mga peer (kasamahan) na may buhay na karanasan ng pagkakasangkot sa hustisya laban sa krimen bilang mga mapagkakatiwalaang huwaran, sumusuporta sa pag-uugaling pro-social, humihikayat sa pagsunod sa mga kinakailangan sa probasyon/parol, at nagbibigay ng pag-asa na mayroong isang mas magandang buhay na posible para sa mga indibidwal na umalis sa sistema ng hustisya laban sa krimen.

Mga Serbisyo sa Pagpapagaling

- Ang Mga Serbisyo sa Pagpapagaling ay maaaring maging mahalagang bahagi ng iyong paggaling at kalusugan. Matutulungan ka ng mga serbisyo sa pagpapagaling na kumonekta sa komunidad ng paggamot para pamahalaan ang iyong kalusugan at pangangalagang pangkalusugan. Samakatuwid, binibigyang-diin ng serbisyong ito ang iyong tungkulin sa pamamahala ng iyong kalusugan, paggamit ng epektibong mga diskarte ng suporta sa pamamahala sa sarili, at pag-aayos ng mga internal at komunidad na mapagkukunan para magbigay ng patuloy na suporta sa pamamahala sa sarili.
- Maaari kang makatanggap ng Mga Serbisyo sa Pagpapagaling batay sa iyong assessment sa sarili o sa assessment ng provider sa panganib na bumalik ang sakit. Maaari ka ring makatanggap ng Mga Serbisyo sa Pagpapagaling nang personal, sa pamamagitan ng telehealth, o sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono.

- Kasama sa Mga Serbisyo sa Pagpapagaling ang assessment, koordinasyon sa pangangalaga, indibidwal na pagpapayo, pagpapayo ng grupo, therapy sa pamilya, pagsubaybay sa pagpapagaling, at mga pag-iwas sa pagbalik ng sakit.

Koordinasyon ng Pangangalaga

- Ang Mga Serbisyo sa Koordinasyon ng Pangangalaga ay binubuo ng mga aktibidad para magbigay ng koordinasyon ng pangangalaga sa sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substance, pangangalaga sa kalusugan ng pag-iisip, at pangangalagang medikal, at para magbigay ng mga koneksyon sa mga serbisyo at suporta para sa iyong kalusugan. Ang Koordinasyon ng Pangangalaga ay ibinibigay kasama ng lahat ng serbisyo at maaaring mangyari sa mga klinikal o hindi klinikal na setting, kabilang sa iyong komunidad.
- Kasama sa Mga Serbisyo sa Koordinasyon ng Pangangalaga ang pakikipag-ugnayan sa mga medikal na provider at provider ng kalusugan para subaybayan at suportahan ang mga kondisyon ng kalusugan, pagpaplano sa paglabas ng ospital, at pakikipag-ugnayan sa mga pantulong na serbisyo kabilang ang pagkonekta sa iyo sa mga serbisyong nakabatay sa komunidad tulad ng pangangalaga sa bata, transportasyon, at pabahay.

Pamamahala ng Contingency (iba-iba sa bawat county)

- Maaaring maging kwalipikado ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang para sa serbisyo sa ilalim ng Maaga at Pana -panahong Screening, Diagnostic, at Paggamot anuman ang kanilang county na tinitirhan.
- Ang pagbibigay ng Mga Serbisyo sa Pamamahala ng Contingency ay opsyonal para sa mga kalahok na county. Sumangguni sa seksyon ng “Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Iyong County” na matatagpuan sa dulo ng handbook na ito para malaman kung nagbibigay ng serbisyong ito ang iyong county.
- Ang Mga Serbisyo sa Pamamahala ng Contingency ay isang batay sa ebidensya na paggamot para sa sakit sa paggamit ng stimulant kung saan ang mga kwalipikadong miyembro ay lalahok sa isang planadong 24 na linggong serbisyo sa outpatient na Pamamahala ng Contingency, na susundan ng anim o higit

pang buwan ng karagdagang paggamot at mga serbisyo sa suporta sa pagpapagaling nang walang insentibo.

- Kasama sa paunang 12 linggo ng mga serbisyo ng Pamamahala ng Contingency ang pagbibigay ng mga insentibo sa pagtugon sa mga layunin ng paggamot, partikular na ang hindi paggamit ng mga stimulant (hal., cocaine, amphetamine, at methamphetamine). Dapat sumang-ayon ang mga kalahok sa mga pagsusuri sa ipinagbabawal na gamot sa ihi nang kasingdalas ayon sa desisyon ng programa ng mga serbisyo ng Pamamahala ng Contingency. Ang mga insentibo ay mga katumbas ng pera (hal., mga gift card).
- Available lamang ang Mga Serbisyo sa Pamamahala ng Contingency sa mga miyembrong tumatanggap ng mga serbisyo sa isang hindi pang-residensyal na setting na pinatatakbo ng isang kalahok na provider at naka-enroll at nakikilahok sa isang komprehensibo, indibidwal na kurso ng paggamot.

Mga Mobile na Serbisyo sa Panahon ng Krisis

- Available ang Mga Mobile na Serbisyo sa Panahon ng Krisis kung nagkakaroon ka ng krisis sa paggamit ng ipinagbabawal na substance.
- Ang Mga Mobile na Serbisyo sa Panahon ng Krisis ay ibinibigay ng mga provider ng kalusugan sa lokasyon kung saan ka nakakaranas ng krisis, kabilang sa iyong tahanan, trabaho, paaralan, o iba pang lokasyon ng komunidad, hindi kasama ang ospital o iba pang setting ng pasilidad. Available ang Mga Mobile na Serbisyo sa Panahon ng Krisis 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, at 365 araw sa isang taon.
- Kasama sa mga mobile na serbisyo sa panahon ng krisis ang mabilis na pagtugon, indibidwal na assessment at pag-stabilize na nakabatay sa komunidad. Kung kailangan mo ng karagdagang pangangalaga, ang mga mobile provider sa panahon ng krisis ay magbibigay din ng mga personal na pag-handoff o referral sa ibang mga serbisyo.

Mga Pinahusay na Manggagawa sa Kalusugan ng Komunidad

- Kumakatawan ang mga Pinahusay na Manggagawa sa Kalusugan ng

Komunidad sa isang pinalawak na saklaw ng mga serbisyo ng pag-iwas na ibinigay ng mga pinagkakatiwalaang miyembro ng komunidad, kung saan madalas kasama ang mas inensibong koordinasyon ng pangangalaga, mas malalim na pakikipag-ugnayan sa komunidad, at dalubhasang suporta para sa mga indibidwal na may kumplikadong mga pangangailangan sa kalusugan sa pag-uugali.

- Bilang karagdagan sa outreach at edukasyon na karaniwang nauugnay sa isang tungkulin ng CHW, ang isang Pinahusay na CHW ay maaaring makatulong na pamahalaan ang malulubhang (chronic) kondisyon, mag-navigate sa mga sistema ng pangangalagang pangkalusugan, magbigay ng suporta sa lipunan, at magtaguyod para sa mga miyembro na ma -access ang mga kinakailangang mapagkukunan.

MGA AVAILABLE NA SERBISYO SA PAMAMAGITAN NG PAGTAWAG SA TELEPONO O TELEHEALTH

Ang personal, harapang pakikipag-ugnayan sa pagitan mo at ng iyong provider ay hindi palaging kinakailangan para makatanggap ka ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali. Depende sa iyong mga serbisyo, maaari mong matanggap ang iyong mga serbisyo sa pamamagitan ng tawag o telehealth. Dapat ipaliwanag sa iyo ng iyong provider ang tungkol sa paggamit ng telepono o telehealth at tiyaking sumasang-ayon ka bago simulan ang mga serbisyo sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono o telehealth. Kahit na sumasang-ayon kang tanggapin ang iyong mga serbisyo sa pamamagitan ng telehealth o pagtawag sa telepono, maaari mong piliin sa ibang pagkakataon na tanggapin ang iyong mga serbisyo nang personal o nang harapan. Ang ilang uri ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali ay hindi maaaring ibigay lang sa pamamagitan ng telehealth o pagtawag sa telepono dahil hinihiling nito sa iyong pumunta sa isang partikular na lugar para sa serbisyo, tulad ng mga serbisyo sa paggamot sa residente o serbisyo sa ospital.

ANG PROSESO NG PAGLUTAS SA PROBLEMA: PARA MAGHAIN NG KARAINGAN, APELA, O HUMILING NG PATAS NA PAGDINIG SA ESTADO

Paano Kung Hindi Ko Makukuha ang Mga Serbisyong Gusto Ko Mula sa Aking County?

Dapat ay may paraan ang iyong county para malutas mo ang anumang problema na nauugnay sa mga serbisyong gusto mo o tinatanggap mo. Ito ay tinatawag na proseso ng paglutas ng problema at maaaring kabilang dito ang mga sumusunod:

- Ang Proseso sa Paghahain ng Karaingan: Isang pasalita o nakasulat na pagpapahayag ng pagkadiskontento tungkol sa anumang bagay na may kinalaman sa iyong mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip, serbisyo sa sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substance, isang provider, o sa county.. Sumangguni sa seksyon ng Proseso ng Paghahain ng Karaingan sa handbook na ito para sa karagdagang impormasyon.
- Ang Proseso sa Paghahain ng Apela: Ang isang apela ay kapag hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng county na baguhin ang iyong mga serbisyo (hal., tinanggihan, winakasan, o binawasan ang mga serbisyo) o hindi pagsasaklaw sa mga ito. Sumangguni sa seksyong Proseso sa Paghahain ng Apela sa handbook na ito para sa karagdagang impormasyon.
- Ang Proseso sa Patas na Pagdinig ng Estado: Ang Patas na Pagdinig ng Estado ay isang pagpupulong sa isang hukom mula sa California Department of Social Services (CDSS) kung tatanggihan ng county ang iyong apela. Sumangguni sa seksyon ng Patas na Pagdinig ng Estado sa handbook na ito para sa karagdagang impormasyon.

Ang paghahain ng karaingan, apela, o paghiling ng Patas na Pagdinig ng Estado ay hindi mabibilang laban sa iyo at hindi makakaapekto sa mga serbisyong iyong natatanggap. Nakakatulong ang paghahain ng karaingan o apela para maibigay sa iyo ang mga serbisyong kailangan mo at upang malutas ang anumang problema na mayroon ka sa iyong mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali. Nakakatulong din ang mga karaingan at apela sa county sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng

impormasyong magagamit nila para mapabuti ang mga serbisyo. Aabisuhan ka ng iyong county, ang mga provider, at ang magulang/tagapag-alaga tungkol sa resulta kapag nakumpleto na ang iyong karaingan o apela. Aabisuhan ka at ang iyong provider ng Tanggapan ng Patas na Pagdinig ng Estado tungkol sa resulta kapag natapos na ang Patas na Pagdinig ng Estado.

Tandaan: Alamin pa ang tungkol sa bawat proseso ng paglutas ng problema sa ibaba.

Maaari ba akong Makakuha ng Tulong Sa Paghahain ng Apela, Karaingan, o Patas na Pagdinig ng Estado?

Tutulungan ka ng iyong county na ipaliwanag ang mga prosesong ito sa iyo at dapat kang tulungan na maghain ng karaingan, apela, o humiling ng isang Patas na Pagdinig ng Estado. Matutulungan ka rin ng county na magpasya kung kwalipikado ka para sa tinatawag na proseso ng "pinabilis na paghahain ng apela," na nangangahulugang mas mabilis itong susuriin dahil nanganganib ang iyong kalusugan, kalusugan ng pag-iisip, at/o katatagan. Maaari mo ring pahintulutan ang ibang tao na kumilos sa ngalan mo, kasama ang iyong provider o tagapagtaguyod.

Kung gusto mo ng tulong, makipag-ugnayan sa iyong county gamit ang numero ng telepono na nakalista sa pabalat ng handbook na ito. Dapat magbigay sa iyo ang iyong county ng makatwirang tulong sa pagkumpleto ng mga form at iba pang hakbang sa pamamaraan na may kaugnayan sa isang karaingan o apela. Kabilang dito, pero hindi limitado, ang pagbibigay ng mga serbisyo ng interpreter at walang bayad na numero na may TTY/TDD.

Kung Kailangan Mo ng Karagdagang Tulong

Makipag-ugnayan sa Department of Health Care Services, Office of the Ombudsman:

- Telepono: **1-888-452-8609**, Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. (hindi kasali ang mga holiday).

O

- E-mail: MMCDOmbudsmanOffice@dhcs.ca.gov. **Mangyaring tandaan:** Ang

mga mensahe sa e-mail ay hindi itinuturing na kumpidensyal (mangyaring huwag isama ang personal na impormasyon sa mensahe sa e-mail).

Maaari kang makakuha ng libreng legal na tulong sa iyong lokal na tanggapan ng legal na tulong o iba pang grupo. Para magtanong tungkol sa iyong mga karapatan sa pagdinig, maaari kang makipag-ugnayan sa California Department of Social Services Public Inquiry and Response Unit sa numero ng teleponong ito: **1-800-952-5253** (para sa TTY, tumawag sa **1-800-952-8349**).

Mga Karaingan

Ano ang Isang Karaingan?

Ang karaingan ay isang reklamo tungkol sa iyong pagkadiskontento sa anumang aspeto ng iyong mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali o ng county na hindi saklaw ng apela o mga proseso ng Patas na Pagdinig ng Estado.

Ano ang Proseso ng Paghahain ng Karaingan?

Ang proseso ng karaingan ay:

- May kasamang mga simpleng hakbang para maghain ng iyong karaingan nang pasalita o nakasulat.
- Hindi magiging sanhi ng pagkawala ng iyong mga karapatan o serbisyo o magamit laban sa iyong provider.
- Magbibigay-daan sa iyo na bigyan ng awtorisasyon ang ibang tao na kumilos para sa iyo. Ito ay maaaring isang provider o tagapagtaguyod. Kung sumasang-ayon ka na kumilos ang ibang tao para sa iyo, maaari kang hilingin na lumagda sa isang form ng awtorisasyon, na nagbibigay ng pahintulot sa iyong county na maglabas ng impormasyon sa taong iyon.
- Tiyakin na ang taong binigyan ng awtorisasyon na magpasya sa karaingan ay kwalipikadong gumawa ng mga desisyon at hindi naging bahagi ng anumang nakaraang antas ng pagsusuri o paggawa ng desisyon.
- Tukuyin ang mga tungkulin ng iyong county, provider, at iyong sarili.

- Tiyakin na ang mga resulta ng karaingan ay ibinigay sa loob ng kinakailangang timeline.

Kailan Ako Puwedeng Maghain ng Karaingan?

Maaari kang maghain ng karaingan anumang oras kung hindi ka nasisiyahan sa pangangalagang natanggap mo o may isa pang alalahanin tungkol sa iyong county.

Paano Ako Maghahain ng Karaingan?

Para makatanggap ng tulong sa paghahain ng mga karaingan tungkol sa mga serbisyo sa inpatient at/o residensyal, maaari mong tawagan ang Programa para sa Adbokasiya ng Pasyente ng Jewish Family Service (JFS) sa (619) 282-1134. Para makatanggap ng tulong sa paghahain ng mga karaingan tungkol sa mga serbisyo sa outpatient, maaari kang tumawag sa Consumer Center for Health Education and Advocacy (CCHEA) sa kanilang walang bayad na numero sa (877) 734- 3258.

Maaaring maghain ng pasalita o nakasulat na mga karaingan. Ang mga pasalitang karaingan ay hindi kailangang i-follow up sa pagliham. Kung maghahain ka ng iyong karaingan sa pamamagitan ng sulat, mangyaring tandaan ang sumusunod: Nagbibigay ang iyong county ng mga self-addressed na sobre sa lahat ng site ng provider. Kung wala kang self-addressed na sobre, ipadala ang iyong nakasulat na mga karaingan sa:

Para sa Mga Serbisyo sa Inpatient at/o Residensyal:

Jewish Family Service of San Diego
Joan & Irwin Jacobs Campus
Turk Family Center Community Services Building
8804 Balboa Avenue
San Diego, CA 92123

Para sa Mga Serbisyo sa Outpatient:

Consumer Center for Health Education and Advocacy (CCHEA)
1764 San Diego Avenue, Suite 100
San Diego, CA 92110

Paano Ko Malalaman Kung Natanggap ng County ang Aking Karaingan?

Kinakailangan ng iyong county na bigyan ka ng isang nakasulat na liham upang ipaalam sa iyo na ang iyong karaingan ay natanggap sa loob ng limang araw ng

kalendaryo pagkatapos itong matanggap. Ang isang karaingan na natanggap sa pamamagitan ng tawag o nang personal, na sinasang-ayunan mong naresolba sa pagtatapos ng susunod na araw ng negosyo, ay hindi kasama at maaaring hindi ka makatanggap ng liham.

Kailan Mapagdesisyonan ang Aking Karaingan?

Ang isang desisyon tungkol sa iyong karaingan ay dapat gawin ng iyong county sa loob ng 30 araw ng kalendaryo mula sa petsa na inihain ang iyong karaingan.

Paano Ko Malalaman Kung Nakagawa Na ng Desisyon ang County Tungkol sa Aking Karaingan?

Kapag nakagawa na ng isang desisyon tungkol sa iyong karaingan, ang county ay:

- Magpapadala sa iyo o sa taong binigyan mo ng awtorisasyon para sa nakasulat na abiso ng desisyon;
- Magpapadala sa iyo o sa taong binigyan mo ng awtorisasyon para sa Abiso sa Salungat na Desisyon ng Benepisyo na nagpapayo sa iyo tungkol sa iyong karapatang humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado kung hindi ipapaalam sa iyo ng county ang desisyon sa karaingan sa tamang panahon;
- Magpapayo sa iyo tungkol sa iyong karapatan na humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado.

Maaaring hindi ka makatanggap ng nakasulat na abiso ng desisyon kung inihain ang iyong karaingan sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono o sa personal at sumasang-ayon kang nalutas ang iyong isyu sa pagtatapos ng susunod na araw ng negosyo mula sa petsa ng paghahain.

Tandaan: Ang iyong county ay kinakailangang magbigay sa iyo ng Abiso sa Salungat na Desisyon ng Benepisyo sa petsa na mag-e-expire ang timeframe. Maaari kang tumawag sa county para sa karagdagang impormasyon kung hindi ka nakatanggap ng Abiso sa Salungat na Desisyon ng Benepisyo.

Mayroon Bang Deadline Para Maghain ng Karaingan?

Wala, maaari kang maghain ng karaingan anumang oras.

Mga Apela

Maaari kang maghain ng apela kapag hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng county para sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali na kasalukuyan mong natatanggap o gustong matanggap. Maaari kang humiling ng pagsusuri tungkol sa desisyon ng county sa pamamagitan ng paggamit ng:

- Karaniwang Proseso sa Paghahain ng Apela.

  o

- Pinabilis na Proseso sa Paghahain ng Apela.

Tandaan: Ang dalawang uri ng apela ay magkatulad; gayunpaman, may mga partikular na kinakailangan upang maging kwalipikado para sa isang pinabilis na paghahain ng apela (tingnan sa ibaba para sa mga kinakailangan).

Tutulungan ka ng county sa pagkumpleto ng mga form at paggawa ng iba pang hakbang sa pamamaraan para maghain ng apela, kabilang ang paghahanda ng nakasulat na apela, pagbibigay sa iyo ng abiso tungkol sa lokasyon ng form sa kanilang website o pagbibigay sa iyo ng form kapag hiniling mo ito. Dapat ding payuhan at tulungan ka ng county sa paghiling ng pagpapatuloy ng mga benepisyo sa panahon ng apela sa salungat na desisyon ng benepisyo alinsunod sa mga pederal na regulasyon.

Ano ang Nagagawa ng Karaniwang Proseso ng Paghahain ng Apela?

Ang Karaniwang Proseso sa Paghahain ng Apela ay:

- Nagbibigay-daan sa iyo na maghain ng apela sa pasalita o nakasulat na paraan.
- Tinitiyak na ang paghahain ng isang apela ay hindi magiging sanhi ng pagkawala ng iyong mga karapatan o serbisyo o magamit laban sa iyong provider sa anumang paraan.
- Nagbibigay-daan sa iyo na bigyan ng awtorisasyon ang ibang tao (kabilang ang isang provider o tagapagtaguyod) na kumilos sa ngalan mo. Mangyaring

tandaan: Kung binigyan mo ng awtorisasyon ang ibang tao na kumilos sa ngalan mo, maaaring hilingin sa iyo ng county na lumagda sa isang form na nagpapahintulot sa county na maglabas ng impormasyon sa taong iyon.

- Ipagpapatuloy ang iyong mga benepisyo kapag hiniling para sa isang apela sa loob ng kinakailangang timeframe. Mangyaring tandaan: Ito ay 10 araw mula sa petsa na ipinadala o personal na ibinigay sa iyo ang iyong Abiso sa Salungat na Desisyon ng Benepisyo.
- Tiyaking hindi ka magbabayad para sa mga patuloy na serbisyo habang nakabinbin ang apela at kung ang pinal na desisyon ng apela ay pabor sa salungat na desisyon ng benepisyo ng county.
- Tinitiyak na ang mga gumagawa ng desisyon para sa iyong apela ay kwalipikado at hindi kasama sa anumang nakaraang antas ng pagsusuri o paggawa ng desisyon.
- Pahintulutan ka o ang iyong kinatawan na suriin ang iyong case file, kabilang ang mga medikal na rekord at iba pang nauugnay na dokumento.
- Magbibigay-daan sa iyo na magkaroon ng makatwirang pagkakataon na magpakita ng ebidensya, testimonya at mga argumento sa personal o nakasulat na paraan.
- Nagbibigay-daan sa iyo, sa taong binigyan mo ng awtorisasyon, o sa legal na kinatawan ng ari-arian ng namatay na miyembro na maisama bilang mga partido sa paghahain ng apela.
- Bibigyan ka ng nakasulat na kumpirmasyon mula sa iyong county na isinasailalim sa pagsusuri ang iyong apela
- Ipapaalam sa iyo ang iyong karapatan na humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado, kasunod ng pagkumpleto ng proseso sa paghahain ng apela.

Kailan Ako Puwedeng Maghain ng Apela?

Maaari kang maghain ng apela sa iyong county kapag:

- Nagdesisyon ang county o ang kinontratang provider na hindi mo natutugunan ang mga pamantayan sa pag-access para sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali.

- Inirerekomenda ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan ang isang serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali para sa iyo at humihiling ng pag-apruba mula sa iyong county, ngunit tinatanggihan ng county ang kahilingan o binabago ang uri o dalas ng serbisyo.

- Humihiling ang iyong provider ng pag-apruba mula sa county, ngunit nangangailangan ng karagdagang impormasyon ang county at hindi nakumpleto ang proseso ng pag-apruba sa tamang oras.
- Hindi nagbibigay ang iyong county ng mga serbisyo batay sa paunang natukoy na mga timeline nito.
- Sa tingin mo ay hindi natutugunan ng county ang iyong mga pangangailangan sa tamang oras.
- Ang iyong karaingan, apela, o pinabilis na paghahain ng apela ay hindi nalutas sa tamang oras.
- Ikaw at ang iyong provider ay hindi sumasang-ayon sa mga kinakailangang serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali.

Paano Ako Maghahain ng Apela?

- Maaari kang maghain ng apela sa pamamagitan ng isa sa sumusunod na tatlong paraan:
    - Para sa tulong sa paghahain tungkol sa mga serbisyo sa inpatient at/o residensyal, maaari mong tawagan ang Programa para sa Adbokasiya ng Pasyenteng Jewish Family Service (JFS) sa (619) 282-1134. Para sa tulong sa paghahain tungkol sa mga serbisyo sa outpatient, maaari kang tumawag sa Consumer Center for Health Education and Advocacy (CCHEA) sa kanilang walang bayad na numero sa (877) 734- 3258. Pagkatapos tumawag, kailangan mo ring maghain ng kasunod na nakasulat na apela; o
    - Ipadala sa koreo ang iyong apela (Magbibigay ang county ng mga self-addressed na sobre sa lahat ng site ng provider para ipadala mo sa koreo ang iyong apela). Tandaan: Kung wala kang self-addressed na sobre,

maaari mong direktang ipadala ang iyong apela sa:

Para sa Mga Serbisyo sa Inpatient at/o Residente:

Jewish Family Service of San Diego
Joan & Irwin Jacobs Campus
Turk Family Center Community Services Building
8804 Balboa Avenue
San Diego, CA 92123

Para sa Mga Serbisyo sa Outpatient:

Consumer Center for Health Education and Advocacy (CCHEA)
1764 San Diego Avenue, Suite 100
San Diego, CA 92110

o

- Isumite ang iyong apela sa pamamagitan ng e-mail o fax. Sumangguni sa seksyon ng “Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Iyong County” na matatagpuan sa dulo ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon.

Paano Ko Malalaman Kung Napagpasyahan na ang Aking Apela?

Makakatanggap ka o ang taong binigyan mo ng awtorisasyon ng nakasulat na abiso mula sa iyong county tungkol sa desisyon sa iyong apela. Kasama sa notipikasyon ang sumusunod na impormasyon:

- Ang mga resulta ng proseso ng paglutas ng apela.
- Ang petsa kung kailan ginawa ang desisyon sa apela.
- Kung hindi nalutas ang apela sa iyong pabor, magbibigay din ang abiso ng impormasyon tungkol sa iyong karapatan sa isang Patas na Pagdinig ng Estado at kung paano humiling ng isang Patas na Pagdinig ng Estado.

Mayroon Bang Deadline Para Maghain ng Apela?

Dapat kang maghain ng apela sa loob ng 60 araw ng kalendaryo mula sa petsa sa Abiso sa Salungat na Desisyon ng Benepisyo. Walang deadline para sa paghahain ng apela kapag hindi ka nakatanggap ng Abiso sa Salungat na Desisyon ng Benepisyo, kaya maaari kang maghain ng ganitong uri ng apela anumang oras.

Kailan Lalabas ang Desisyon Tungkol sa Aking Apela?

Dapat magpasya ang county sa iyong inihaing apela sa loob ng 30 araw ng kalendaryo pagkatapos matanggap ang iyong kahilingan.

Paano Kung Hindi Ako Makapaghintay ng 30 Araw Para sa Desisyon ng Aking Apela?

Kung natutugunan ng apela ang pamantayan para sa pinabilis na proseso ng paghahain ng apela, maaari itong makumpleto nang mas mabilis.

Ano ang Isang Pinabilis na Paghahain ng Apela?

Sumusunod ang isang pinabilis na paghahain ng apela sa isang katulad na proseso sa karaniwang proseso ng paghahain ng apela ngunit mas mabilis ito. Narito ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga pinabilis na paghahain ng apela:

- Dapat mong ipakita na ang paghihintay para sa isang karaniwang apela ay maaaring magpalala sa kondisyon ng iyong kalusugan ng pag-uugali.
- Sumusunod ang pinabilis na proseso sa paghahain ng apela sa iba't ibang deadline kaysa sa karaniwang apela.
- Ang county ay may 72 oras para suriin ang mga pinabilis na paghahain ng apela.
- Maaari kang gumawa ng pasalitang kahilingan para sa isang pinabilis na paghahain ng apela.
- Hindi mo kailangang isulat ang iyong pinabilis na kahilingan sa paghahain ng apela.

Kailan Ako Puwedeng Maghain ng Pinabilis na Paghahain ng Apela?

Kung ang paghihintay nang hanggang 30 araw para sa isang karaniwang desisyon sa apela ay magsasapanganib sa iyong buhay, kalusugan o kakayahang kumilos, mapanatili o mabawi ang maximum na pagkilos, maaari kang humiling ng pinabilis na paglutas ng isang apela.

Narito ang Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Mga Pinabilis na Paghahain ng Apela:

- Kung natutugunan ng iyong apela ang mga kinakailangan para sa isang pinabilis na paghahain ng apela, lulutasin ito ng county sa loob ng 72 oras pagkatapos itong matanggap.
- Kung matukoy ng county na hindi natutugunan ng iyong apela ang pamantayan para sa isang pinabilis na apela, kinakailangan nilang bigyan ka ng napapanahong pasalitang notipikasyon at bibigyan ka ng nakasulat na abiso sa loob ng dalawang araw ng kalendaryo, na nagpapaliwanag sa dahilan ng kanilang desisyon. Susundin ng iyong apela ang mga karaniwang timeframe ng apela na nakabalangkas sa unang bahagi sa seksyong ito.
- Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng county na ang iyong apela ay hindi nakakatugon sa pamantayan para sa pinabilis na paghahain ng apela, maaari kang maghain ng karaingan.
- Pagkatapos malutas ng iyong county ang iyong kahilingan para sa isang pinabilis na paghahain ng apela, ikaw at ang lahat ng apektadong partido ay parehong aabisuhan sa pasalita at nakasulat na paraan.

Mga Patas na Pagdinig ng Estado

Ano ang Patas na Pagdinig ng Estado?

Ang Patas na Pagdinig ng Estado ay isang independiyenteng pagsusuri na isinagawa ng isang administratibong hukom ng batas mula sa California Department of Social Services (CDSS) para matiyak na natatanggap mo ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali na kung saan may karapatan ka sa ilalim ng programang Medi-Cal. Mangyaring bisitahin ang website ng California Department of Social Services https://www.cdss.ca.gov/hearing-requests para sa karagdagang mapagkukunan.

Ano ang Aking Mga Karapatan sa Patas na Pagdinig ng Estado?

May karapatan kang:

- Humiling ng pagdinig sa harap ng isang administratibong hukom ng batas, na kilala rin bilang Patas na Pagdinig ng Estado, upang tugunan ang iyong kaso.

- Malaman kung paano humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado.
- Alamin ang tungkol sa mga regulasyon na nagdidikta kung paano gumagana ang representasyon sa panahon ng Patas na Pagdinig ng Estado.
- Hilingin na magpatuloy ang iyong mga benepisyo sa panahon ng proseso ng Patas na Pagdinig ng Estado kung humiling ka ng Patas na Pagdinig ng Estado sa loob ng mga kinakailangang timeframe.
- Hindi nagbabayad para sa mga patuloy na serbisyo habang nakabinbin ang Patas na Pagdinig ng Estado at kung ang pinal na desisyon ay pabor sa salungat na desisyon ng benepisyo ng county.

Kailan Ako Maaaring Maghain Para sa Patas na Pagdinig ng Estado?

Maaari kang maghain para sa isang Patas na Pagdinig ng Estado kung:

- Naghain ka ng apela at nakatanggap ng liham ng resolusyon ng apela na nagsasabi sa iyo na tinatanggihan ng iyong county ang iyong kahilingan sa apela.
- Ang iyong karaingan, apela, o pinabilis na paghahain ng apela ay hindi nalutas sa tamang oras.

Paano Ako Hihiling ng Patas na Pagdinig ng Estado?

Maaari kang humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado:

- Online: sa website ng Department of Social Services Appeals Case Management: https://acms.dss.ca.gov/acms/login.request.do
- Sa Pamamagitan ng Pagsulat: Isumite ang iyong kahilingan sa departamento ng welfare ng county sa address na makikita sa Abiso sa Salungat na Desisyon ng Benepisyo, o ipadala ito sa:

  California Department of Social Services
  State Hearings Division
  P.O. Box 944243, Mail Station 9-17-37
  Sacramento, CA 94244-2430

- O sa Pamamagitan ng Pag-fax sa: 916-651-5210 or 916-651-2789

Maaari ka ring humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado o isang pinabilis na Patas na Pagdinig ng Estado:

- Sa Pamamagitan ng Pagtawag sa Telepono:
    - *Dibisyon sa Mga Pagdinig ng Estado*, walang bayad na pagtawag sa telepono, sa **1-800-743-8525** o **1-855-795-0634**.
    - *Pambublikong Pagtatanong at Pagtugon*, walang bayad na pagtawag sa telepono, at **1-800-952-5253** or TDD at **1-800-952-8349**.

Mayroon Bang Deadline Para Humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado?

Mayroon kang 120 araw mula sa petsa ng nakasulat na abiso ng desisyon sa apela ng county para humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado. Kung hindi ka nakatanggap ng Abiso ng Salungat na Desisyon ng Benepisyo, maaari kang maghain para sa Patas na Pagdinig ng Estado anumang oras.

Maaari Ko Bang Ipagpatuloy ang Mga Serbisyo Habang Naghihintay Ako para sa Isang Desisyon ng Patas na Pagdinig ng Estado?

Oo, kung kasalukuyan kang tumatanggap ng mga awtorisadong serbisyo at nais mong ipagpatuloy ang pagtanggap ng mga serbisyo habang hinihintay mo ang desisyon ng Patas na Pagdinig ng Estado, dapat kang humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado sa loob ng 10 araw mula sa petsa na namarkahan o naihatid sa iyo ang abiso ng desisyon sa apela. Bilang alternatibo, maaari kang humiling ng pagdinig bago ang petsa na sinabi ng iyong county kung saan ang mga serbisyo ay itititigil o babawasan.

Tandaan:

- Kapag humihiling ng Patas na Pagdinig ng Estado, dapat mong isaad na gusto mong ipagpatuloy ang pagtanggap ng mga serbisyo sa panahon ng proseso ng Patas na Pagdinig ng Estado.
- Kung hihilingin mong ipagpatuloy ang pagtanggap ng mga serbisyo at kinukumpirma ng pinal na desisyon ng Patas na Pagdinig ng Estado ang pagbabawas o paghinto sa serbisyong natatanggap mo, hindi ka mananagot sa pagbabayad ng halaga ng mga serbisyong ibinigay habang nakabinbin ang

Patas na Pagdinig ng Estado.

Kailan Gagawin ang Isang Desisyon Tungkol sa Aking Patas na Pagdinig ng Estado?

Pagkatapos humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado, maaaring tumagal nang hanggang 90 araw bago makatanggap ng desisyon.

Maaari Ba Akong Makakuha ng Patas na Pagdinig ng Estado nang Mas Mabilis?

Kung sa tingin mo ay makakasama sa iyong kalusugan ang paghihintay ng ganoon katagal, maaari kang makakuha ng sagot sa loob ng tatlong araw ng trabaho. Maaari kang humiling ng Pinabilis na Patas na Pagdinig ng Estado sa pamamagitan ng alinman sa pagsulat ng isang liham o paghiling sa iyong pangkalahatang practitioner o propesyonal sa kalusugan ng pag-iisip na sumulat ng isang liham para sa iyo. Dapat kasama sa sulat ang sumusunod na impormasyon:

1. Ipaliwanag nang detalyado kung paanong ang paghihintay nang hanggang 90 araw para mapagpasyahan ang iyong kaso ay maaaring seryosong makakasama sa iyong buhay, kalusugan, o kakayahang makamit, mapanatili, o mabawi ang maximum na pagkilos.
2. Humiling ng "pinabilis na pagdinig" at ibigay ang sulat kasama ang iyong kahilingan para sa isang pagdinig.

Susuriin ng Dibisyon sa Mga Pagdinig ng Estado ng Department of Social Services ang iyong kahilingan para sa pinabilis na Patas na Pagdinig ng Estado at tutukuyin kung nakakatugon ito sa pamantayan. Kung maaaprubahan ang iyong kahilingan, maiiskedyul ang isang pagdinig, at magkakaroon ng desisyon sa loob ng tatlong araw ng trabaho mula sa petsa na natanggap ng Dibisyon sa Mga Pagdinig ng Estado ang iyong kahilingan.

PAUNANG DIREKTIBA

Ano ang Paunang Direktiba?

May karapatan ka sa isang paunang direktiba. Ang paunang direktiba ay isang nakasulat na dokumento tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan na kinikilala sa ilalim ng batas ng California. Maaari mong marinig kung minsan ang isang paunang direktiba na inilarawan bilang isang living will o durable power of attorney. Kabilang dito ang impormasyon tungkol sa kung paano mo gustong ibigay ang pangangalagang pangkalusugan o sinasabi kung anong mga desisyon ang gusto mong gawin, kung o kapag hindi mo magawang magsalita para sa iyong sarili. Maaaring kabilang dito ang mga bagay tulad ng karapatang tanggapin o tanggihan ang medikal na paggamot, operasyon, o gumawa ng iba pang pagpipilian sa pangangalagang pangkalusugan. Sa California, ang isang paunang direktiba ay binubuo ng dalawang bahagi:

- Ang iyong appointment sa isang ahente (isang tao) na gumagawa ng mga desisyon tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan; at
- Ang iyong indibidwal na mga tagubilin sa pangangalaga pangkalusugan.

Kinakailangan ng iyong county na magkaroon ng isang programa ng paunang direktiba. Kinakailangan ng iyong county na magbigay ng nakasulat na impormasyon sa mga patakaran sa paunang direktiba at ipaliwanag ang batas ng estado kung hiningi ang impormasyon. Kung gusto mong humiling ng impormasyon, dapat mong tawagan ang numero ng telepono sa pabalat ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon.

Maaari kang makakuha ng form para sa isang paunang direktiba mula sa iyong county o online. Sa California, may karapatan kang magbigay ng mga tagubilin sa paunang direktiba sa lahat ng provider ng iyong pangangalagang pangkalusugan. May karapatan ka ring baguhin o kanselahin ang iyong paunang direktiba anumang oras.

Kung mayroon kang tanong tungkol sa batas ng California tungkol sa mga kinakailangan sa paunang direktiba, maaari kang magpadala ng liham sa:

California Department of Justice
Attn: Public Inquiry Unit
P. O. Box 944255
Sacramento, CA 94244-2550

MGA KARAPATAN AT PANANAGUTAN

Mga Pananagutan ng County

Ano ang Pananagutan ng aking County?

Ang iyong county ay may pananagutan para sa mga sumusunod:

- Iniisip kung natutugunan mo ang mga pamantayan para ma-access ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali mula sa county o sa network ng provider nito.
- Pagbibigay ng screening o pagtatasa para matukoy kung kailangan mo ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali.
- Ang pagbibigay ng libreng numero ng telepono na may sumasagot 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo, na makapagsasabi sa iyo kung paano makakakuha ng mga serbisyo mula sa county. Nakalista ang numero ng telepono sa pabalat ng handbook na ito.
- Tiyaking may sapat na mga provider sa kalusugan ng pag-uugali sa malapit para ma-access mo ang mga serbisyong saklaw ng iyong county kung kinakailangan.
- Ipaalam at turuan ka tungkol sa mga serbisyong makukuha mula sa iyong county.
- Ang pagbibigay ng mga serbisyo sa iyong wika nang walang bayad, at kung kinakailangan, pagbibigay ng interpreter para sa iyo nang walang bayad.
- Pagbibigay sa iyo ng nakasulat na impormasyon tungkol sa kung ano ang magagamit mo sa ibang wika o alternatibong format gaya ng Braille o malaking print. Sumangguni sa seksyon ng “Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Iyong County” na matatagpuan sa dulo ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon.
- Ipaalam sa iyo ang tungkol sa anumang makabuluhang pagbabago sa impormasyong binanggit sa handbook na ito nang hindi bababa sa 30 araw bago magkaroon ng bisa ang mga pagbabago. Itinuturing na makabuluhan ang pagbabago kapag may pagtaas o pagbaba sa dami o uri ng mga serbisyong inaalok, kung may pagtaas o pagbaba sa bilang ng mga provider ng network, o kung may anumang pagbabago na makakaapekto sa mga benepisyong

natatanggap mo mula sa county.

- Tiyaking ikonekta ang iyong pangangalagang pangkalusugan sa anumang iba pang plano o sistema na maaaring kakailanganin upang makatulong sa transisyon ng iyong pangangalaga nang maayos. Kabilang dito ang pagtiyak na ang anumang referral para sa mga espesyalista o iba pang provider ay maayos nafo-follow up at na handa kang alagaan ng bagong provider.
- Tinitiyak na maaari kang patuloy na magpatingin sa iyong kasalukuyang provider ng pangangalagang pangkalusugan, kahit na wala sila sa iyong network, sa isang partikular na tagal ng panahon. Mahalaga ito kung ang pagpapalit ng mga provider ay makakasama sa iyong kalusugan o magpapataas sa pagkakataon na kailangan mong pumunta sa ospital.

May Available Bang Transportasyon?

Kung nahihirapan kang pumunta sa iyong mga appointment sa medikal o kalusugan ng pag-uugali, tumutulong ang programang Medi-Cal sa pag-aayos ng transportasyon para sa iyo. Dapat ibigay ang transportasyon para sa mga miyembro ng Medi-Cal na hindi makabiyahe nang mag-isa at may medikal na pangangailangan para makatanggap ng mga saklaw na serbisyo ng Medi-Cal. Mayroong dalawang uri ng transportasyon para sa mga appointment:

- Hindi Pang-medikal: transportasyon sa pamamagitan ng pribado o pampublikong sasakyan para sa mga taong walang ibang paraan para makarating sa kanilang appointment.
- Hindi Pang-emergency na Medikal: transportasyon sa pamamagitan ng ambulansya, wheelchair van, o litter van para sa mga hindi makagamit ng pampubliko o pribadong transportasyon.

Available ang transportasyon para sa mga biyahe patungo sa parmasya o para kunin ang mga kinakailangang kagamitang medikal, prosthetics, orthotics, at iba pang kagamitan.

Kung mayroon kang Medi-Cal ngunit hindi naka-enroll sa isang plano sa

pinamamahalaang pangangalaga, at kailangan mo ng hindi pang-medikal na transportasyon patungo sa isang serbisyong nauugnay sa kalusugan, maaari kang makipag-ugnayan nang direkta sa provider ng hindi pang-medikal na transportasyon o sa iyong provider para sa tulong. Kapag nakipag-ugnayan ka sa kompanya ng transportasyon, hihingi sila ng impormasyon tungkol sa petsa at oras ng iyong appointment.

Kung kailangan mo ng hindi pang-emergency na transportasyong medikal, maaaring magbigay ang iyong provider ng hindi pang-emergency na transportasyong medikal at ikokonekta ka sa provider ng transportasyon para i-coordinate ang iyong biyahe papunta sa at mula sa iyong (mga) appointment.

Para sa karagdagang impormasyon at tulong tungkol sa transportasyon, makipag-ugnayan sa iyong plano sa pinamamahalaang pangangalaga.

Mga Karapatan ng Miyembro

Ano ang Aking Mga Karapatan bilang Tumatanggap ng Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali ng Medi-Cal?

Bilang miyembro ng Medi-Cal, may karapatan kang tumanggap ng mga serbisyong medikal na kinakailangan para sa kalusugan ng pag-uugali mula sa iyong county. Kapag ina-access ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali na ito, may karapatan kang:

- Tratuhin nang may personal na paggalang at paggalang sa iyong dignidad at privacy.
- Kumuha ng malinaw at nauunawaang mga paliwanag ng mga available na opsyon sa paggamot.
- Makilahok sa mga desisyon na nauugnay sa iyong pangangalaga sa kalusugan ng pag-uugali. Kabilang dito ang karapatang tanggihan ang anumang paggamot na hindi mo gustong matanggap.
- Kunin ang handbook na ito para alamin ang tungkol sa mga serbisyo ng county, obligasyon ng county, at ang iyong mga karapatan.

- Humingi ng kopya ng iyong mga medikal na rekord at humiling ng mga pagbabago, kung kinakailangan.
- Maging malaya mula sa anumang anyo ng pagpigil o seklusyon na ipinatutupad bilang paraan ng pamimilit, pagdidisiplina, kaginhawahan, o paghihiganti.
- Makatanggap ng napapanahong access sa pangangalaga 24/7 para sa mga kondisyong pang-emergency, agaran, o sa panahon ng krisis kapag medikal na kinakailangan.
- Kapag hiniling, makatanggap ng mga nakasulat na materyales sa mga alternatibong format tulad ng Braille, malaking letra, at audio format sa isang napapanahong paraan.
- Makatanggap ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali mula sa county na sumusunod sa kontrata ng estado nito para sa pagiging available, kapasidad, koordinasyon, saklaw, at awtorisasyon ng pangangalaga. Kinakailangan ng county na:
    - Kumuha o magkaroon ng nakasulat na mga kontrata na may sapat na mga provider para matiyak na ang lahat ng karapat-dapat na miyembro ng Medi-Cal na kwalipikado para sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali ay matatanggap ang mga ito sa isang napapanahong paraan
    - Saklawin ang mga serbisyong medikal na kinakailangan sa labas ng network para sa iyo sa isang napapanahong paraan, kung ang county ay walang empleyado o contract provider na maaaring magbigay ng mga serbisyo.

      Tandaan: Dapat tiyakin ng county na wala kang dagdag na babayaran para sa pagpapatingin sa isang provider sa labas ng network. Tingnan sa ibaba para sa karagdagang impormasyon:
        - *Ang mga serbisyong medikal na kinakailangan sa kalusugan ng pag-uugali* para sa mga indibidwal na 21 taong gulang pataas ay mga serbisyong makatwiran at kinakailangan upang protektahan ang buhay, para maiwasan ang malubhang sakit o malubhang kapansanan, o upang maibsan ang matinding pananakit. Ang mga medikal na kinakailangang serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali

para sa mga indibidwal na wala pang 21 taong gulang ay mga serbisyong nagpapanatili, sumusuporta, nagpapabuti, o mas nagpapa-tolerate sa isang kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali.
        - Ang provider sa labas ng network ay isang provider na wala sa listahan ng mga provider ng county.
    - Sa iyong kahilingan, magbigay ng pangalawang opinyon mula sa isang kwalipikadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan sa loob o labas ng network nang walang karagdagang gastos.
    - Tiyaking sinanay ang mga provider na maghatid ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali na sinasang-ayunan ng mga provider na saklawin.
    - Tiyakin na ang mga nasasaklaw na serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali ng county ay sapat sa halaga, haba ng panahon, at saklaw para matugunan ang mga pangangailangan ng mga miyembrong kwalipikado sa Medi-Cal. Kabilang dito ang pagtiyak na ang pamamaraan ng county para sa pag-apruba ng pagbabayad para sa mga serbisyo ay batay sa medikal na pangangailangan at na ginagamit nang patas ang pamantayan sa pag-access.
    - Tiyakin na nagsasagawa ang mga provider nito ng masusing pagsusuri at nakikipagtulungan sa iyo para bumuo ng mga layunin sa paggamot.
    - I-coordinate ang mga serbisyong ibinibigay nito sa mga serbisyong ibinibigay sa iyo sa pamamagitan ng isang plano sa pinamamahalaang pangangalaga o sa iyong provider ng pangunahing pangangalaga, kung kinakailangan.
    - Makilahok sa mga pagsisikap ng estado na magbigay ng mga serbisyong may kakayahang pangkultura sa lahat, kabilang ang mga may limitadong kasanayan sa Ingles at magkakaibang kultura at etnikong pinagmulan.
- Ipahayag ang iyong mga karapatan nang walang nakapipinsalang pagbabago sa iyong paggamot.
- Tumanggap ng paggamot at mga serbisyo alinsunod sa iyong mga karapatang inilarawan sa handbook na ito at sa lahat ng naaangkop na batas ng pederal at

estado tulad ng:

- Pamagat VI ng Batas sa Mga Karapatang Sibil ng 1964 na ipinatutupad ng mga regulasyon sa 45 CFR bahagi 80.
- Ang Batas sa Diskriminasyon sa Edad ng 1975 na ipinatutupad sa pamamagitan ng mga regulasyon sa 45 CFR bahagi 91.
- Ang Batas sa Rehabilitasyon ng 1973.
- Pamagat IX ng Mga Pagbabago sa Edukasyon ng 1972 (tungkol sa mga programa at aktibidad sa edukasyon).
- Mga Pamagat II at III ng Americans with Disabilities Act.
- Seksyon 1557 ng Batas sa Proteksyon ng Pasyente at Abot-kayang Pangangalaga.

- Maaari kang magkaroon ng karagdagang karapatan sa ilalim ng mga batas ng estado tungkol sa paggamot sa kalusugan ng pag-uugali. Upang makipag-ugnayan sa Tagapagtaguyod ng Mga Karapatan ng Pasyente ng iyong county, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong county sa pamamagitan ng paggamit sa numero ng telepono na nakalista sa pabalat ng handbook.

Mga Salungat na Desisyon ng Benepisyo

nong Mga Karapatan ang Mayroon Ako Kung Tinatanggihan ng County ang Mga Serbisyong Gusto Ko o Sa Palagay Ko na Kailangan Ko?

Kung tinatanggihan, nililimitahan, binabawasan, inaantala, o winawakasan ng iyong county ang isang serbisyo na sa tingin mo ay kailangan mo, may karapatan ka sa isang nakasulat na abiso mula sa county. Ang abiso na ito ay tinatawag na "Abiso sa Salungat na Desisyon ng Benepisyo". May karapatan ka ring hindi sumang-ayon sa desisyon sa pamamagitan ng pag-apela. Ipinapaalam sa iyo ng mga seksyon sa ibaba ang Abiso sa Salungat na Desisyon ng Benepisyo at kung ano ang gagawin kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng county.

Ano ang Salungat na Desisyon ng Benepisyo?

Tinutukoy ang Salungat na Desisyon ng Benepisyo bilang alinman sa mga sumusunod na aksyong

ginawa ng county:

- Ang pagtanggi o paglimita sa awtorisasyon ng isang hiniling na serbisyo. Kabilang dito ang mga pagpapasya batay sa uri o antas ng serbisyo, medikal na pangangailangan, kaangkupan, setting, o bisa ng isang saklaw na benepisyo;
- Ang pagbawas, pagsuspinde, o pagwakas ng isang dating awtorisadong serbisyo;
- Ang pagtanggi, sa lahat o bahagi lang, ng pagbabayad para sa isang serbisyo;
- Ang kabiguang magbigay ng mga serbisyo sa isang napapanahong paraan;
- Ang hindi pagkilos sa loob ng mga kinakailangang timeframe para sa karaniwang paglutas ng mga karaingan at apela. Ang mga kinakailangang timeframe ay ang mga sumusunod:
    - Kung maghain ka ng karaingan sa county at wala kang matatanggap na nakasulat na desisyon sa iyong karaingan sa loob ng 30 araw mula sa kanila.
    - Kung maghain ka ng apela sa county at wala kang matatanggap na nakasulat na desisyon sa iyong apela sa loob ng 30 araw mula sa kanila.
    - Kung naghain ka ng pinabilis na paghahain ng apela at hindi nakatanggap ng tugon sa loob ng 72 oras.
- Ang pagtanggi sa kahilingan ng isang miyembro na i-dispute ang pinansyal na pananagutan.

Ano ang Abiso sa Salungat na Desisyon ng Benepisyo?

Ang Abiso sa Salungat na Desisyon ng Benepisyo ay isang nakasulat na liham na ipapadala sa iyo ng county kung magpapasya itong tanggihan, limitahan, bawasan, antalahin, o wakasan ang mga serbisyong pinaniniwalaan mo at ng iyong provider na dapat mong makuha. Kabilang dito ang pagtanggi sa:

- Isang pagbabayad para sa isang serbisyo.
- Mga paghahabol para sa mga serbisyong hindi saklaw.
- Mga paghahabol para sa mga serbisyong hindi medikal na kinakailangan.
- Mga paghahabol para sa mga serbisyo mula sa maling sistema ng pag-deliver.
- Isang kahilingan na i-dispute ang pinansyal na pananagutan.

Tandaan: Ginagamit din ang Abiso sa Salungat na Desisyon ng Benepisyo para sabihin sa iyo kung ang iyong hinaing, apela, o pinabilis na apela ay hindi nalutas sa tamang panahon, o kung hindi ka nakakuha ng mga serbisyo sa loob ng mga pamantayan sa timeline ng county para sa pagbibigay ng mga serbisyo.

Panahon kung kailang ibinigay ang Abiso

Dapat ipadala ng county ang abiso:

- Sa miyembro nang hindi bababa sa 10 araw bago ang petsa ng aksyon para sa pagwawakas, pagsususpinde, o pagbabawas ng isang dating awtorisadong serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali.
- Sa miyembro sa loob ng dalawang araw ng negosyo pagkatapos ng desisyon para sa pagtanggi sa pagbabayad o mga desisyon na nagreresulta sa pagtanggi, pagkaantala, o pagbabago ng lahat o bahagi ng hiniling na mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali.

Palagi ba Akong Makakakuha ng Abiso sa Salungat na Desisyon ng Benepisyo Kapag Hindi Ko Nakuha ang Mga Serbisyong Gusto Ko?

Oo, dapat kang makatanggap ng Abiso sa Salungat na Desisyon ng Benepisyo. Kung hindi ka makakatanggap ng abiso, maaari kang maghain ng apela sa county o kung nakumpleto mo na ang proseso ng apela, maaari kang humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado. Kapag nakipag-ugnayan ka sa iyong county, isaad na nakatanggap ka ng salungat na desisyon ng benepisyo pero wala kang natanggap na abiso. Ang impormasyon kung paano maghain ng apela o humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado ay kasama sa handbook na ito at dapat ding available sa tanggapan ng iyong provider.

Ano ang Sasabihin sa Akin sa Abiso sa Salungat na Desisyon ng Benepisyo?

Ito ang nakasaad sa Abiso sa Salungat na Desisyon ng Benepisyo:

- Ang ginawa ng iyong county na nakakaapekto sa iyo at sa iyong kakayahang makakuha ng mga serbisyo.

- Ang petsa na magkakaroon ng bisa ang desisyon at ang dahilan ng desisyon.
- Ang mga tuntunin ng estado o pederal na pinagbatayan ng desisyon.
- Ang iyong mga karapatan na maghain ng apela kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng county.
- Paano makatanggap ng mga kopya ng mga dokumento, rekord, at iba pang impormasyong nauugnay sa desisyon ng county.
- Paano maghain ng apela sa county.
- Paano humiling ng Patas na Pagdinig kung hindi ka nasisiyahan sa desisyon ng county tungkol sa iyong apela.
- Paano humiling ng pinabilis na apela o isang pinabilis na Patas na Pagdinig ng Estado.
- Paano makakuha ng tulong sa paghahain ng apela o paghiling ng Patas na Pagdinig ng Estado.
- Gaano katagal bago maghain ng apela o humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado.
- Ang iyong karapatan na patuloy na makatanggap ng mga serbisyo habang naghihintay para sa desisyon sa apela o Patas na Pagdinig ng Estado, kung paano humiling ng pagpapatuloy ng mga serbisyong ito, at kung sasaklawin ng Medi-Cal ang mga gastos ng mga serbisyong ito.
- Kapag kailangan mong ihain ang iyong kahilingan sa apela o Patas na Pagdinig ng Estado kung gusto mong magpatuloy ang mga serbisyo.

Ano ang Dapat Kong Gawin Kapag Nakatanggap Ako ng Abiso sa Salungat na Desisyon ng Benepisyo?

Kapag nakakuha ka ng Abiso sa Salungat na Desisyon ng Benepisyo, dapat mong basahin nang mabuti ang lahat ng impormasyon na nasa paunawa. Kung hindi mo nauunawaan ang abiso, matutulungan ka ng iyong county. Maaari ka ring humingi ng tulong sa ibang tao.

Maaari kang humiling ng pagpapatuloy ng serbisyo na hindi na ipinagpatuloy kapag nagsumite ka ng apela o kahilingan para sa isang Patas na Pagdinig ng Estado. Dapat

mong hilingin ang pagpapatuloy ng mga serbisyo nang hindi lalampas sa 10 araw ng kalendaryo pagkatapos ng petsa na namarkahan ang Abiso sa Salungat na Desisyon ng Benepisyo o nadeliver sa iyo, o bago ang petsa ng bisa ng pagbabago.

Mga Pananagutan ng Miyembro

Ano ang aking mga pananagutan bilang isang miyembro ng Medi-Cal?

Mahalagang maunawaan mo kung paano gumagana ang mga serbisyo ng county para makuha mo ang pangangalagang kailangan mo. Mahalaga rin na:

- Pumunta sa iyong paggamot ayon sa iskedyul. Makukuha mo ang pinakamagandang resulta kung makikipagtulungan ka sa iyong provider na bumuo ng mga layunin para sa iyong paggamot at sundin ang mga layuning iyon. Kung kailangan mong lumiban sa isang appointment, tawagan ang iyong provider sa loob ng 24 na oras bago ang appointment at muling iiskedyul para sa ibang araw at oras.
- Palaging dalhin ang iyong Card ng Pagkakakilanlan ng Mga Benepisyo (Benefits Identification Card, BIC) ng Medi-Cal at isang photo ID kapag pumunta ka sa paggamot.
- Ipaalam sa iyong provider kung kailangan mo ng oral interpreter bago ang iyong appointment.
- Sabihin sa iyong provider ang lahat ng iyong medikal na alalahanin. Kung mas kumpletong impormasyon ang ibabahagi mo tungkol sa iyong mga pangangailangan, mas magiging matagumpay ang iyong paggamot.
- Siguraduhing tanungin ang iyong provider ng anumang tanong na mayroon ka. Napakahalaga na lubos mong maunawaan ang impormasyong natatanggap mo sa panahon ng paggamot.
- Sundin ang mga nakaplanong hakbang sa pagkilos na napagkasunduan mo at ng iyong provider.
- Makipag-ugnayan sa county kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa iyong mga serbisyo o kung mayroon kang anumang problema sa iyong provider na hindi mo kayang lutasin.
- Sabihin sa iyong provider at sa county kung mayroong anumang pagbabago sa

iyong personal na impormasyon. Kabilang dito ang iyong address, numero ng telepono, at anupamang impormasyong medikal na maaaring makaapekto sa iyong kakayahang lumahok sa paggamot.

- Tratuhin nang may paggalang at kagandahang-loob ang mga tauhan na nagbibigay ng iyong paggamot.
- Kung pinaghihinalaan mo ang pandaraya o maling gawain, iulat ito:
    - Hinihiling ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan sa sinumang naghihinala sa pandaraya, pag-aaksaya, o pang-aabuso ng Medi-Cal na tawagan ang DHCS Medi-Cal Fraud Hotline sa **1-800-822-6222**. Kung sa tingin mo ay isa itong emergency, mangyaring tumawag sa **911** para sa agarang tulong. Libre ang tawag, at ang tumatawag ay maaaring manatiling anonymous.
    - Maaari ka ring mag-ulat ng pinaghihinalaang panloloko o pang-aabuso sa pamamagitan ng pagpapadala ng e-mail sa fraud@dhcs.ca.gov o gamitin ang online form sa http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/StopMedi-CalFraud.aspx

Kailangan Ko Bang Magbayad Para sa Medi-Cal?

Karamihan sa mga tao sa Medi-Cal ay hindi kailangang magbayad ng anuman para sa mga serbisyong medikal o serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali. Sa ilang mga kaso, maaaring kakailanganin mong magbayad para sa mga serbisyong medikal at/o serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali batay sa halaga ng perang nakukuha o kinikita mo bawat buwan.

- Kung mas mababa ang iyong kita sa mga limitasyon ng Medi-Cal para sa laki ng iyong pamilya, hindi mo kailangang magbayad para sa mga serbisyong medikal o serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali.
- Kung mas malaki ang iyong kita sa mga limitasyon ng Medi-Cal para sa laki ng iyong pamilya, kailangan mong magbayad para sa mga serbisyong medikal o serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali. Ang halagang babayaran mo ay tinatawag na iyong ‘bahagi sa gastos’. Kapag nabayaran mo na ang iyong ‘bahagi sa gastos,’ babayaran ng Medi-Cal ang natitira sa iyong mga saklaw na medikal na

bayarin para sa buwang iyon. Sa mga buwan na wala kang gastusin sa pagpapagamot, wala kang kailangang bayaran.

- Maaaring kakailanganin mong magbayad ng 'co-payment' para sa anumang paggamot sa ilalim ng Medi-Cal. Nangangahulugan ito na magbabayad ka mula sa sariling bulsa sa tuwing makakakuha ka ng serbisyong medikal o pupunta sa emergency room ng ospital para sa iyong mga regular na serbisyo.
- Sasabihin sa iyo ng iyong provider kung kailangan mong gumawa ng co-payment.

KARAGDAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA IYONG COUNTY

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa:

- Mga Serbisyo sa Suporta ng Peer ng Medi-Cal
    - Mangyaring sumangguni sa **MHP and DMC-ODS Quick Guides** sa sumusunod na link: https://www.optumsandiego.com/content/SanDiego/sandiego/en/beneficiary_and_families.html
- Mga Serbisyo ng Pamamahala sa Continngency:
    - Mangyaring bisitahin ang sumusunod na page at mag-click sa tab na "**Mga Mapagkukunan ng SUD**": https://www.optumsandiego.com/content/SanDiego/sandiego/en/county-staff---providers/smh-dmc-ods-health-plans.html
- Para sa impormasyon tungkol sa pagsusumite ng apela sa pamamagitan ng e-mail o fax, mangyaring bisitahin ang:
    - **Para sa Mga Serbisyo sa Inpatient at/o Residente:**
      Jewish Family Service of San Diego sa https://www.jfssd.org/our-services/adults-families/patient-advocacy/
    - **Para sa Mga Serbisyo sa Outpatient:**
      Consumer Center for Health Education and Advocacy (CCHEA) at https://www.lassd.org/mental-health-and-substance-abuse-patients-rights/

Kung kailangan mo ng tulong sa iyong wika, tumawag sa (888) 724-7240 (TTY: 711). Available din ang mga tulong at serbisyo para sa mga taong may kapansanan, tulad ng mga dokumento sa braille at malalaking letra. Tumawag sa (888) 724-7240 (TTY: 711). Ang mga serbisyong ito ay walang bayad.

Makukuha mo ang impormasyong ito sa iba pang format, gaya ng braille, 20-point na font na malalaking letra, audio, at naa-access na elektronikong format nang libre. Tumawag sa (888) 724-7240 (TTY: 711). Libre ang pagtawag.

ABISO LABAN SA DISKRIMINASYON

Ang diskriminasyon ay labag sa batas. Ang County ng San Diego ay sumusunod sa mga batas sa karapatang sibil ng Estado at Pederal. Ang County ng San Diego ay hindi nangdidiskrimina, nagbubukod ng mga tao, o nag-iiba ng trato dahil sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, bansang pinagmulan, kinikilalang pangkat etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, kondisyong medikal, genetic na impormasyon, marital status, gender, kinikilalang kasarian, o sekswal na oryentasyong.

Nagbibigay ang County ng San Diego ng sumusunod:

- Mga libreng tulong at serbisyo sa mga taong may kapansanan para matulungan silang mas maayos na makipag-usap, tulad ng:
  - Mga kwalipikadong interpreter ng sign language
  - Nakasulat na impormasyon sa iba pang format (malalaking letra, braille, audio o accessible na elektronikong format)
- Mga libreng serbisyo sa wika sa mga taong hindi Ingles ang pangunahing wika, gaya ng:
  - Mga kwalipikadong interpreter
  - Impormasyong nakasulat sa ibang wika

Kung kailangan mo ang mga serbisyong ito, makipag-ugnayan sa Linya para sa Access at Panahon ng Krisis 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo sa pamamagitan ng pagtawag sa (888) 724-7240. O kaya, kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang maayos, tumawag sa 711. Kapag hiniling, makukuha mo ang dokumentong ito sa braille, malalaking letra, audio, o accessible na elektronikong format.

PAANO MAGHAIN NG KARAINGAN

Kung sa tingin mo ay hindi naibigay ng County ng San Diego ang mga serbisyong ito o kaya ay nangdiskrimina sa ibang paraan batay sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, bansang pinagmulan, kinikilalang pangkat etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, kondisyong medikal, genetic na impormasyon, marital

status, gender, kinikilalang kasarian, o sekswal na oryentasyon, maaari kang maghain ng karaingan sa mga sumusunod na ahensya ng adbokasiya. Maaari kang maghain ng karaingan sa pamamagitan ng pagtawag, pagsulat, sa personal, o sa elektronikong paraan:

- Sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono:
    - Para sa tulong sa paghahain tungkol sa **mga serbisyo sa inpatient at/o residensyal**, maaari mong tawagan ang Programa para sa Adbokasiya ng Pasyente ng **Jewish Family Service (JFS)** sa 619- 282- 1134 o 1- 800- 479- 2233.
    - Para sa tulong sa paghahain tungkol sa **mga serbisyo sa outpatient**, maaari mong tawagan ang **Consumer Center for Health Education and Advocacy (CCHEA)** sa kanilang walang bayad na numero na (877) 734-3258 (TTY 1-800-735-2929).
    - O kaya, kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang maayos, tumawag sa 711.
- Sa pamamagitan ng pagsulat: Punan ang isang form ng reklamo o gumawa ng sulat at ipadala ito sa:
    - **Para sa Mga Serbisyo sa Inpatient at/o Residente:**

      Jewish Family Service of San Diego
      Joan & Irwin Jacobs Campus
      Turk Family Center Community Services Building
      8804 Balboa Avenue
      San Diego, CA 92123

    - **Para sa Mga Serbisyo sa Outpatient:**

      Consumer Center for Health Education and Advocacy (CCHEA)
      1764 San Diego Avenue, Suite 100
      San Diego, CA 92110

- Sa personal: Bisitahin ang tanggapan ng iyong doktor o anumang site ng kinontratang provider ng County ng San Diego at sabihin na gusto mong maghain ng karaingan.
- Sa Elektronikong Paraan: Puntahan ang mga sumusunod na

website:

- **Para sa Mga Serbisyo sa Inpatient at/o Residente:**
  Jewish Family Service of San Diego sa https://www.jfssd.org/our-services/adults-families/patient-advocacy/
- **Para sa Mga Serbisyo sa Outpatient:**
  Consumer Center for Health Education and Advocacy (CCHEA) sa https://www.lassd.org/mental-health-and-substance-abuse-patients-rights/

TANGGAPAN NG MGA KARAPATANG SIBIL – DEPARTAMENTO NG MGA SERBISYO SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN NG CALIFORNIA

Maaari ka ring maghain ng reklamo sa mga karapatang sibil sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California, Tanggapan ng Mga Karapatang Sibil sa pamamagitan ng pagtawag, pagsulat, o sa elektronikong paraan:

- Sa pamamagitan ng pagtawag: Tumawag sa **916-440-7370**. Kung hindi ka nakakapagsalita o nakakarinig nang maayos, tumawag sa **711 (California State Relay)**.
- Sa pamamagitan ng pagsulat: Punan ang isang form ng reklamo o magpadala ng sulat sa:

  Department of Health Care Services - Office of Civil Rights
  P.O. Box 997413, MS 0009
  Sacramento, CA 95899-7413
  Makukuha ang mga form ng reklamo sa:
  https://www.dhcs.ca.gov/discrimination-grievance-procedures.
- Sa Elektronikong Paraan: Mag-email sa CivilRights@dhcs.ca.gov.

TANGGAPAN NG MGA KARAPATANG SIBIL – DEPARTAMENTO NG MGA SERBISYONG PANGKALUSUGAN AT PANTAO NG U.S.

Kung naniniwala kang nadiskrimina ka batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan o kasarian, maaari ka ring maghain ng reklamo sa karapatang sibil sa Departamento ng Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng U.S., Tanggapan ng Mga Karapatang Sibil sa pamamagitan ng pagtawag, pagsulat, o sa elektronikong paraan:

- Sa pamamagitan ng pagtawag: Tumawag sa **1-800-368-1019**. Kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang maayos, tumawag sa **TTY/TDD 1-800-537-7697**.
- Sa pamamagitan ng pagsulat: Punan ang isang form ng reklamo o magpadala ng sulat sa:

  U.S. Department of Health and Human Services
  200 Independence Avenue, SW
  Room 509F, HHH Building
  Washington, D.C. 20201

- Makukuha ang mga form ng reklamo sa: http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html
- Sa elektronikong paraan: Puntahan ang Office for Civil Rights Complaint Portal sa: https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf